


ANG KANYANG DI-NABIBIGONG

MGA SALITA NG PANGAKO

 Nang sa gayon makapasok tayo sa isang kalagayan na nasa loob natin talaga ang manalangin para sa mga maysakit. At ngayon nais din nating isama sa panalangin itong darating na pagpupulong ng mga Business Men dito, na magsisimula na sa susunod na Huwebes ng gabi. May mga mahuhusay silang mga tagapagsalita sa pag- . . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

2 Tucson, haya't, sa Tucson na ako naninirahan ngayon. Bale pangalawang taon ko na ito roon. At gaya nga ng lagi ko nang sinasabi, "Doon ako naninirahan sa Jerusalem."

3 Di ko nga lang makumbinse 'yung pulis (haya't kagabi'y binibigyan na nila ako ng—ng tiket) na Jerusalem nga naman talaga 'yun. Ako nga'y nagmamaneho't binabagtas ko noon 'yung Apache Junction, at namatayan ako ng isang ilaw, 'yung ilaw ko sa harap, 'yung dimmer. At sinusubukan ko sanang makarating sa isang gasolinahan, at namatayan naman ako ng isa pang ilaw. At mangyari ngang napalinging ako sa likod ko, at nakita ko 'yung pulang ilaw nung pulis. Pinahinto niya ako, at sabi niya, "Alam mo ba kung bakit kita pinahinto?"

Sabi ko, "Opo, tsip, namatayan kasi ako ng ilaw."

Sabi niya, "Yun nga. Alam mo bang paglabag 'yan?"

4 Sabi ko, "Opo, tsip, pero di—di—di ako makarating agad sa gasolinahan. Wala po akong makita. Naghahanap nga po sana ako."

Sabi niya, "Taga-saan ka ba?"

Sabi ko, "Jerusalem."

Sabi niya, "Saan? Saan kamo?"

Sabi ko, "Jerusalem." Sabi ko, "Ako'y . . ."

Tiningnan niya 'yung lisensya ko, sabi, "Ministro ka?"

Sabi ko, "Opo, tsip." Sabi ko, "Taga-Jerusalem po ako."

Sabi, "Saan ba 'yun, sa ibayong dagat?"

5 Sabi ko, "Hindi po, tsip. Dito po 'yun sa may burol dito, sa Tucson, 'yun kasi ang tawag dun." Sabi ko, "Nanggaling ako sa Jericho, rito, nagmiministro ako rito sa lambak."

6 Nakakapagtaka nga na di na niya ako binigyan ng tiket, di po ba? Pero binigyan niya—niya pa rin ako ng—ng kaunting, "Apurahin mo na't ipaayos mo na 'yan, kundi . . ." [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

⁷ Panginoong Jesus, ipinagkakatiwala po namin ang aming mga sarili sa Iyo, para sa gawaing ito. Aking inaalala ang lahat ng mga bagay na Iyong sinabi sa akin, at maging lahat ng mga bagay na Iyong ginawa sa harap ng mga tao, kaya naman dahil dito'y ibinibigay namin ang papuri't luwalhati. Pero naalala ko nung nakaraang taglagas, habang nagbibiyaha ako, mga limang daang milya pahilaga mula rito, noong ipakita Mo sa akin ang bundok na 'yun, at nagsabi, "Bumalik ka't manalangin ka para sa mga maysakit, hanggang sa dumating ang oras." At heto na po ako, Panginoon. Hindi sa harap ng mga taong narito; hindi ako sa kanila dumudulog. Sa Iyo po ako dumudulog. At heto na po ako na handa nang maglingkod sa Iyo sa gabing ito, upang gawin kung ano lamang ang Iyong iniuutos sa aking gawin. Iyo pong tulungan ako, Ama, 'yan ang dalangin ko, sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. Amen.

⁸ Atin na pong buklatin ang Biblia ngayon, sa, Aklat ni San Mateo, bilang teksto. At ating basahin ang San Mateo, ika-24 na kabanata, at sa ika-32 at ika-35 talata, lahat ng nakapaloob.

Sa puno ng igos nga ay pagaralan ninyo ang kaniyang talinghaga; pagka nananariwa ang kaniyang mga sanga, at sumusupling ang mga dahon, ay nalalaman ninyo na malapit na ang tagaraw:

Gayon din naman kayo, pagka nangakita ninyo ang lahat ng mga bagay na ito, ay talastasin ninyo na siya'y malapit na, nasa pintuan nga.

Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hindi lilipas ang lahing ito, hanggang sa mangaganap ang lahat ng mga bagay na ito.

Ang kalangitan at ang lupa ay lilipas, datapuwa't ang aking mga salita ay hindi lilipas.

⁹ Nais kong humango ng munting teksto mula riyan, mula rito, *Ang Kanyang Di-Nabibigong Mga Salita Ng Pangako*. Ang pananampalataya nati'y nakabatay nga *Rito*, sa di-nabibigong Salita ng pangako. Ang tao, sa lahat ng panahong nagdaan, ay nagtitiwala rito, sa mga pangako ng Diyos.

¹⁰ Ngayon, kung kayo nga, sa buong buhay n'yo, ay mapunta sa isang gawaing pagpapagaling at ninanais n'yo na mailagak ang buo n'yong atensyon sa abot ng makakaya n'yo, nais kong gawin n'yo na ito ngayon. Nais nating makitang ang Panginoon ay naluluwalhati.

¹¹ At tunay nga akong nananampalataya na ang bawat Salita ng Diyos, bawat pangako na kanyang binitiwang, ay totoo.

¹² At ito'y para sa sinumang tatanggap dito. At ngayon may ilang tao na nagsisikap talagang matanggap ito, at di nga lang 'yun makamit. May ilan namang natanggap talaga ito. At may mga ibang nakamit nila ito nang wala man lang kahirap-hirap.

Ngayon, haya't, kailangan nating ipangaral ang Ebanghelyo na "ang kagalingan ay para sa lahat," gayong alam nating di 'yun ganun. Para sa lahat naman kung magagawa nilang tanggapin ito, pero alam nating di lahat sila roon ay makakatanggap nito. Gusto ko lang maging tapat sa inyo sa abot ng nalalaman ko.

¹³ Sa ganun din ay kailangan nating ipangaral ang kaligtasan, na "ang kaligtasan ay para sa lahat," gayong alam nating di lahat sila dun ay makakatanggap Nito. Di naman lahat ng tao'y makikita ang mga bagay na ito. Sabi ni Jesus, "Mapapalad ang inyong mga matang nangakakakita, inyong pang-unawa, dahil marami ang hindi nangakakaunawa Rito."

¹⁴ At ang Makalangit na pagpapagaling ay para sa mga taong nananampalataya. Pero, di ka naman makakapanampalataya hangga't may Bagay ka muna riyon sa loob mo, na magdudulot sa inyong manampalataya.

¹⁵ "At pagkatapos kung ang mga gawa'y nagawa sana," sabi ni Jesus, "sa Sodoma at Gomorra, na nagawa sa mga bayan ng Capernaum sa mga bayan doon" na dinaanan Niya, sabi Niya, "disin sana'y nangakatayo pa sila hanggang sa araw na ito."

¹⁶ At sinasabi ko: Kung 'yung mga gawa, makapangyarihang mga gawa na nagawa rito sa Phoenix, ay nagawa sana dun sa Sodoma, o di sana'y nandiyan pa rin ito hanggang sa araw na ito ngayon, at wala sana dun sa ilalim ng Alat . . . ng Dagat na Patay.

¹⁷ Ngayon, ang dahilan nga'y lahat ng mga tao roo'y inaabot ito, lahat sila roong mga maysakit. Pero kung hihinto lamang sila kahit kaunting sandali, at sisikapang isaalang-alang yaong ibig sabihin nung Salita.

¹⁸ Ang pananampalataya nga'y sa pamamagitan ng pakikinig sa Salita, sa Salita ng pangako. Kung wala sa iyo ang pangako, lumalad ka lang n'yan sa sarili mong pananampalataya. Pero, kung magagawa mong kunin ang pangako ng Diyos, 'yan nga'y pangako talaga sa iyo ng Diyos.

¹⁹ Yung babaing 'yun na humipo sa damit Niya, wala naman siyang pangako sa ganung bagay. Pero 'yung pananampalataya nung babae, na wala namang kalakip na pangako, nakatanggap pa rin 'yung babae ng kagalingan.

²⁰ Ngayon, kung nagawa niyang makatanggap ng kagalingan, sa pamamagitan ng pananampalataya niyang 'yun, nang kahit walang kalakip na pangako nung gawin niya 'yun, gaano pa naman kaya tayo na makakamit natin ang ating kagalingan, sa pamamagitan ng pananampalataya sa pangako na Diyos mismo ang naghahayag at nagpapatotoo sa harap natin, at naghatid nito sa atin sa pamamagitan ng Kanyang Salita, na dumating at pinatunayan ang Kanyang Salita!

²¹ Tingnan n'yo nga itong maliliit na mga batang kahahandog ko lang. Kapwa sila, himala buhat sa Diyos, lampas sa kayang

ipaliwanag ng pang-unawang medikal. Kita n'yo? Isipin n'yo nga ang mga bagay na 'yan na nagawa!

22 Ngayon, ang Diyos ba'y nagtatangi ng tao? Hindi po. Kung pagagalangin Niya ang isa, pagagalangin din Niya 'yung isa pa. May isang bagay ka lang na dapat mong gawin, at 'yun ay ilaan mo ang pananampalatayang 'yan. At 'yang pananampalatayang 'yan ay isang bagay na alam mo; di nga isang bagay na nakuha mo kung saan-saan, hinula-hulaan mo lang. May pagkaalam ka rito! May bagay na napangyari. Ngayon, sa bawat panahong nagdaan, nanangan ang mga tao rito.

23 Ang dahilan kung bakit kinuha ko ang tekstong ito para sa ilang minuto natin dito, ay dahil sinabi nga Niya roon, "Ang kalangitan at ang lupa ay lilipas, datapwat ang Aking mga Salita ay hindi lilipas." At nagbitiw nga Siya ng pangako rito, na ang lahing 'yun, sila nga'y . . . Sabi, "Hindi lilipas ang lahing ito hanggang sa mangaganap ang lahat ng mga bagay na ito."

24 Kung mangyaring may di-mananampalataya na nakaupo rito ngayon, isa nga 'yan sa pinakamalaking katitisan na hahadlang sa isang di-mananampalataya. Iniisip kasi nilang ang tinutukoy rito ni Jesus ay yaong lahi na kinakausap Niya roon noon. Ngayon para mailatag na ito nang maayos, para makadako na tayo sa teksto.

25 Tinanong nila Siya ng tatlong tanong. Kung mapapansin n'yo roon sa ika-24, dun sa simula nung ika-24 na kabanata rito, mababasa natin ang mga Salitang ito.

At lumabas si Jesus sa templo, at payaon sa kanyang lakad: at nagsilapit sa kaniya ang kaniyang mga alagad. . . upang sa kaniya'y ipamalas ang gusali ng templo.

Datapuwa't si Jesus ay sumagot sa kanila, Hindi бага ninyo nangakikita ang lahat ng mga bagay na ito? katotohanang sinasabi ko sa inyo, Dito'y walang maiiwang bato sa ibabaw ng ibang bato, na hindi ibabagsak.

26 Ngayon, nasa bayan pa Siya nito noon, sa may templo. Ngayon ano na raw?

At samantalang siya'y nakaupo sa bundok . . .

27 Lumabas Siya ng templo, at umakyat sa ibabaw ng bundok, Bundok ng Olivo.

. . . nakaupo sa . . . Bundok ng mga Olivo, ay nagsilapit sa kanya ng bukod ang kanyang mga alagad, na nagsisipagsabi, Sabihin mo sa amin, kailan mangyayari ang mga bagay na ito? . . . ano ang magiging tanda ng iyong pagparito, at ang tanda ng katapusan ng sanglibutan?

28 Tinanong nila Siya ng tatlong tanong, at Kanyang sinagot sila sa bawat tanong nila sa Kanya. Tatlong tanong, kita n'yo. Una, "Kailan mangyayari na walang maiiwang bato sa ibabaw ng ibang bato?" At, "Ano bagang magiging tanda ng Iyong pagparito?" At, "Ano ang katapusan ng sanlibutan?" Tatlong tanong. At Kanyang sinagot ang tatlong tanong na 'yan.

29 Mga batikang nagsisipag-aral, ngayon, inilalagay nila ang unang tanong na 'yan, nung sabihin Niyang, "Magsipanalangin kayo na huwag mangyari ang pagtakas ninyo sa panahon ng tag-ginaw, o sa sabbath man," kanila ngang inilalagay 'yan sa hinaharap pa raw, ng Pagparito ng Panginoon sa katapusan ng sanlibutan.

30 Nangyari na 'yan noong A.D. 70 pa, noong 'yung dakilang Romanong sundalong 'yun, o dakilang hukbo, si Tito at ang kanyang pangkat ay lumusob dun, ito ngang dakilang heneral ng Roma, noong kubkubin nila ang pader gaya ng pauna nang sinabi sa kanila ni Jesus. "At makikita ninyong makukubkob ang Jerusalem ng mga hukbo, ang nasa bukid ay huwag nang magbalik pa sa bayan." Ngayon ano pang mabuting magagawa nun . . .

31 At may ilang tao na pilit nilang tinataguyod ang kanilang doktrina sa pamamagitan n'yan, na ang mga tao'y nasa oras pa rin daw ng sabbath sa panahong 'yan, ipinangingilin ang araw ng sabbath, sa pagparito Niya. Buweno, kung ang—kung ang Pagparito'y pambuong mundo, di nga maaaring ipinangingilin ninyo ang sabbath n'yan; dahil, dun sa kabilang ibayo, araw ng sabbath, at sa kabila naman 'yung araw dun ay isang araw na ang nakalipas matapos ang sabbath. Kita n'yo, kaya hindi 'yun ganun. Yung pangingilin-ng-sabbath ay para dun sa mga tao sa ilang noon, hindi sa Iglesyang pambuong mundo. Kita n'yo? At sa lahat ng samu't saring bagay nilang ito, ipinapaliwanag nila rito ang mga Kasulatan nang wala man lang Espiritu Santo na gumagamit nang matuwid dito at nagpapakita kung ano bang talaga ang mga ito.

32 Pero heto nga ang kinakausap dito ni Jesus, sa aking abang palagay, ito ngang sinabihan Niya rito, na, "Lahing ito," sa madaling sabi, "lahi na nakakita sa punong igos sa pagsupling nito ng kanyang usbong." Kita n'yo, sabi Niya rito, "pagka ang puno ng igos ay nagsimula na, nanariwa na, at sumusupling na 'yung ano nito, 'yung mga sanga niya, masasabi n'yong malapit na ang tag-araw. Gayundin naman, kita n'yo, kapag nakikita n'yo na ang lahat ng mga ito, ay talastasin n'yo ang panahon. Kapag nakikita n'yo na ang tatlong tanong na ito na may kaganapan na, napipinto na ang panahon. Ang lahi ngang 'yan na nakakita sa puno ng igos!" At ang *puno ng igos* na 'yan ay sa tuwina'y ang "Israel." "At pagka ang Israel ay makabalik na sa lupang tinubuan nito at maging isang bansa na, hindi lilipas

ang lahing ito hanggang sa maganap na nga ang lahat ng mga bagay na ito.”

³³ At mga kaibigang Cristiano, sa gabing ito, sa matinding kalituhan na ito sa mga Kasulatan, na iniisip ng mga tao na nakakalito, tayo nga’y nabubuhay na ngayon para makita ang siya mismong. . . Lahat ng sinasabi Niya rito’y may kaganapan na, ang kasunod na nito’y Pagparito na Niya.

³⁴ Ang Israel ay nasa lupa na niyang tinubuan. Siya’y sarili na niyang bansa. May sariling salapi, sariling watawat, miyembro ng U.N. Isa na talaga Siyang bansa; sa unang pagkakataon, sa halos dalawampu’t-limang daang taon, mula nung huli siyang maging bansa. At ipinangako ni Jesus na, “Ang lahi. . .” At, sa Biblia nga, ang isang salinlahi’y inukulan ng apatnapung taon. Mula sa panahong maging bansa ang Israel, hanggang umabot sa apatnapung taon, sa loob ng panahong ’yan, Siya’y paririto. At kung totoo nga ’yan, haya’t hahantong na nga sa Pagparito.

³⁵ Buweno, at isa pa pong bagay, kada dalawang libong taon, may bagay nga na nagaganap sa lupa, at ang pulitika’t lahat ay pumapalya, kinakailangan ngang magsugo ang Diyos ng tulong mula sa Langit. At dun sa unang dalawang libong taon, ang mundo nga’y winasak sa pamamagitan ng tubig; dun naman sa ikalawang dalawang libong taon, naparito si Cristo; at ngayon nga’y 1964 na, at sinasabi nilang labimpitong taon na lang tayo dun.

³⁶ Ngayon nakita n’yo na’t napipinto na talaga. Ang susunod, ay aantabayanan na natin ang Pagparito ng Panginooon. Lahat ng iba pang mga tanda’y naglalakip-lakip na talaga rito. Kaya naman, sa gabing ito, haya’t sinisikap kong iparating sa mga tao na manatili nang eksakto sa ipinangakong Salita. Kung ano lamang ang sinasabi ng Salita, sadyang manatili lamang Diyan.

³⁷ Ngayon, noong lumapit ako kay Cristo, batid kong dapat ay may dako akong kinakailangan kong pagsaligan, na tatayuan ko. Ako nga’y ordenado noon sa iglesyang Missionary Baptist. Kaya naman nung makita ko na ’yung doktrina ng iglesyang Missionary Baptist ay taliwas talaga sa Kasulatan, haya’t di ko puwedeng ilagak na lang, ibatay ang pag-asa ko sa doktrina ng iglesyang Missionary Baptist. Kaya naisip kong magpunta na lang dun sa iglesya ng nanay ko, isa po siyang Methodist. At naisip ko nga na dun na lang ako magpupunta. Naghanap uli ako. Mangyari ngang naisip kong kung si Jesus ay pupunta para sa mga tao dun sa Methodist, tiyak na iiwan Niya ang mga Baptist. Kung sa mga Baptist naman Siya pupunta, iiwan Niya ang mga Methodist. Pero nasumpungan ko nga, sa magkabilang grupo, na maiinam naman ang mga tao roon. At nabatid ko ngang kung sa isang partikular na iglesya Siya magpupunta, alin kayang iglesya ang pupuntahan Niya, siyam-na-raan halos

'yan na iba't ibang mga organisasyon? Hindi nga Niya. Hindi nga Niya hahatulan ang mga tao sa pamamagitan ng iglesya.

³⁸ Kanyang hahatulan ang mga tao sa pamamagitan ni Jesus Cristo. At si Jesus Cristo ang Salita. San Juan, unang kabanata, sabi, "Nang pasimula ay ang Salita." Noong ang Diyos. . . Nang pasimula, bago ito naging Salita, isa muna itong kaisipan. "At pagdaka nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos." Diyos lahat-lahat.

³⁹ At pagkatapos nung bigkasin ng Diyos ang Kanyang Salita, magkakagayon nga ito, itinalaga na nung una ang Iglesya Niya, bago pa maitatag ang sanlibutan, "Haharap Ito sa Kanya, na walang dungis o kulubot." At ang tik-tak ng orasan ay umusad na. At masusumpungan nga Ito, isang Iglesya, maluwalhating Iglesya, walang dungis o kulubot! Umaasa akong tayong lahat dito, sa gabing ito, ay kabahagi ng Iglesyang 'yun. At hayan nga't may nag-iisang paraan lang para makapasok sa Iglesyang 'yun, at di 'yun sa pamamagitan ng kahit anong denominasyon, papasok ka Rito sa pamamagitan ng bagong Kapanganakan.

At sasabihin n'yo, "Buweno, sumasampalataya ako riyan."

⁴⁰ At kung sumasampalataya ka nga, sasang-ayunan mo nang may diin ang bawat Salita sa Bibliang ito, ng "amen," lahat ng sinasabi ng Biblia; dahil si Cristo Ito, at ika'y bahagi ni Cristo, at ang Espiritu Santo'y inihahayag ang Katotohanang ito. Ang bawat kapanahunang may nakalaang bahagi ng Salita na dapat maganap.

⁴¹ Sa tuwina'y nagsusugo ang Diyos ng propeta. Ang Salita'y dumarating sa propeta; ang Salitang nasusulat, kumikilala ng pag-iisip ng puso. Napapansin n'yo ba lagi kahit noon pa? Ang propeta, kaya nalalaman niyang isa siyang propeta, ay dahil ang Salita ng Diyos ay kumikilala ng pag-iisip na naroon sa puso, sinasabi na bago pa man ang mga bagay-bagay, paunang-tagapagsabi, at tagapagsabing-pauna. Nasubukan n'yo na bang kumuha ng diksyunaryo, 'yung lumang Hebreong diksyunaryo, at tingnan dun kung anong ibig sabihin nung salitang *tagakita*? Isang tao 'yun na mayroong Makalangit na kapahayagan nung Salitang nasusulat. At sadya nga 'yung pinagtibay, na nakikita na niya bago pa lang ang mga bagay na paunang sinasabi niya, at nangyayari nga ang mga bagay na 'yun.

⁴² Ngayon, gaano nga 'yung tumitipo sa Kasulatan? Saktong-sakto nga. "Kung mayroong isa sa gitna ninyo, na espirituwal o propeta, Akong Panginoon ay pakikilala sa kanya, kakausapin siya sa pamamagitan ng mga pangitain. At kung mangyari ang mga bagay na iyon, kung magkagayon ang Diyos nga ito. Kung di naman mangyari, kung magkagayon ay huwag n'yo siyang pakinggan; huwag n'yo siyang katakutan, sa halip ay huwag n'yong pansinin." Subalit ang Salita ng Diyos ay tama nga sa tuwina! Samakatwid, sa ganoong paraan nila nalalaman kung

ang isang taong nagsasalita, ay may tamang kapahayagan sa Salita, o wala, sa Makalangit na Salitang nasusulat, dahil may Salita dapat siya ng Diyos na dumating sa kanya. Ngayon tayo nga'y manatili Roon, ilagak natin ang ating mga sarili at ang ating pagtitiwala sa Salitang ito.

⁴³ Sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, doon sa Lumang Tipan 'yan, 'yang mga propetang 'yan."

⁴⁴ Ang Diyos, sa Biblia, sa Mga Hebreo, unang kabanata, sabi, "Ang Diyos, sa iba't ibang panahon, sa iba't ibang paraan ay nagsalita sa ating mga magulang sa pamamagitan ng mga propeta; sa huling araw na ito ay nagsalita sa pamamagitan ng Kanyang Anak, na si Jesus Cristo." Kita n'yo, si Jesus Cristo nga. At si Jesus ang Salita, kita n'yo, at ipinahahayag ang Kanyang Salita sa pamamagitan ni Jesus Cristo. Ipinahahayag ng Salita ang Sarili Nito, binibigyang-buhay Nito ang Salita. Diyan nga bigo ang mga tao na makilala Siya.

⁴⁵ Sa ganoon ngang paraan na 'yung munting babaing 'yun, sa may balon, ay nakilala Siya. Haya't, napagkilala niya, agad. Pagkatapos mismo na sabihin Niya ang tungkol dun sa babae, ang sabi nga nung babae, "Ginoo, napaghahalata kong isa kang propeta. Ngayon, nalalaman naming paririto ang Mesiyas. At pagparito Niya, ay sasabihin Niya sa amin ang mga bagay na ito, ipapakita sa amin ang lahat ng mga bagay."

Sabi Niya, "Ako nga Siya na nagsasalita sa iyo."

⁴⁶ Papaano pa maikakaila nung babae ang bagay na sinasabi Niya, gayong napangyari na muna 'yung gawa? Pinatotoo muna nung gawa, na Siya talaga ang Propetang 'yun. Wala nga silang naging propeta sa loob ng daan-daang taon. At 'yung Lalaking 'yun ay propeta talaga; at—at nagsaysay, kalakip ang patotoo sa Sarili, na Siya nga ang ipinangakong Mesiyas na 'yun. Kaya naman di na nakapagtataakang nagawa nung munting babaing 'yun na tumakbo sa bayan, at magsabi, "Halikayo, tingnan n'yo ang isang Lalaking nagsabi sa akin ng mga bagay na ginawa ko. Mangyari kayang ito ang Mesiyas, ang mismong Mesiyas?"

⁴⁷ Ngayon naniniwala nga tayo riyang, na ang Diyos, sa mga kapanahunan ay naglaan Siya dun ng Kanyang Salita, ng laang 'yun, ng Salitang 'yun na mahahayag sa Katotohanan Nito. Patototohanan Ito, dahil ipinangako 'yun ng Diyos. At, Ito'y, Ito'y totoo sa tuwina.

⁴⁸ Si Noe. Napakahirap nga para sa mga tao na maunawaan si Noe noong panahon niya. Narinig niyang nagsalita ang Diyos. Batid niyang ang Salita nga 'yun, dahil siya'y propeta ng Diyos. isinugo siya ng Diyos, upang ihayag na, "Isang malaking baha ang darating!" Siya'y nagpatuloy lang sa paggawa ng daong, sa panahon na 'yun ng pagtutuya. Walang anuman 'yun kay Noe, maski napakarami pa roong nanunuya. Siya kasi ang ilaw ng

panahong 'yun. Siya kasi ang Salita ng Diyos na nahayag sa panahong 'yun; haya't, nilipol nga ng Diyos ang sangkatauhan.

⁴⁹ Si Moises, isang dakila't, hasang-hasang teologo, dakilang lalaki, isinilang upang maging isang propeta; pero, sa kabila ng lahat niyang teolohiya't kanyang—kanyang pang-aklat lang na pagkaalam sa Diyos, di niya mailigtas-ligtas palabas ang mga anak ni Israel gamit ang kaalaman na 'yun.

⁵⁰ Nakita n'yo na, di nga maaaring lumakad ang propeta sa pamamagitan ng kaalaman. Kinakailangan niyang lumakad sa pamamagitan ng inspirasyon. Inspirasyon!

⁵¹ At nung dinatnan na siya ng Salita ng Panginoon sa ilang, sa nagningas na kahoy roon, at sinaysay sa kanya't inihayag sa kanya ang mga Salitang 'yun na Kanyang sinalita noon kay Abraham. At ano itong ginagawa Niya roon? Ipinapakita sa kanya ang Salitang nasusulat para sa panahong 'yun, at tapos ay tinawag si Moises para sa gampaning 'yun. At noon nga'y natakot siya noon, may hukbo pa siya noon, na puwede sanang iligtas palabas ang Israel; at tapos ngayon hahayo siya roon na tungkod lang ang nasa kamay niya, at ililigtas ang Israel. Ang—ang. . .

⁵² Ang paggawa nga ng Diyos dito'y napaka hiwaga, talagang madidiskaril ang karnal na isip sa pagtunton nun. Di na nun kaya pang apuhapin 'yun. Napapansin n'yo ba?

⁵³ Si Juan Bautista, nakatayo roon sa may tubig, isa siyang propeta, tagapagpauna, sa pagitan ng mga propeta't pagparito ng Anak ng Diyos. Lumusong si Juan sa may tubig, at nagsalita siya! Di siya natakot na sabihin sa mga tao, "Sa gitna ninyo'y May nakatayo ngayon!" Isipin n'yo na lang 'yung matinding katiyakan na taglay-taglay niya! "Sa gitna ninyo'y may Isang nakatayo ngayon, Na di ninyo nakikilala. Ang panyapak Niya'y di ako karapat-dapat man lang na dalhin. Siya Yaong sa inyo'y magbabautismo sa Espiritu Santo at Apoy."

⁵⁴ Siya nga'y nasa kalagitnaan ng mga tao kung magkagayon. Alam ni Juan na Siya'y darating sa salinlahi niyang 'yun, dahil nakita niya 'yung posisyon niya sa Kasulatan, nakita niya ang Espiritu ng Diyos na lumapag sa Kanya. "Sinugo Ko ang Aking sugo sa harapan ng Aking mukha, na maghahanda sa daan." At alam nga niyang malapit na ang pagdating ng Mesiyas.

⁵⁵ Kaya habang nakatayo ang propeta sa may tubig, habang nagpropesiya, dumating sa kanya ang Salita. Si Jesus nga ang Salita! Sa ganoong paraan Siya napagkilala nung propeta, dahil Iyon nga ang Salita, kalakip 'yung tanda na ikinaloob sa kanya. "Napagkilala ko Siya, dahil Siya na nagsabi sa akin, sa ilang na, 'Yumaon ka, magbautismo ka sa tubig,' ang sabi, 'Siya na makita mong babaan ng Espiritu, at panahanan, Siya nga'y magbabautismo sa Espiritu Santo at Apoy.'" At nung dumating

na ang Salita, kalakip nung tanda ang Salita, nung dumating dun sa tubig.

⁵⁶ Si Jesus Mismo, nung dumating Siya, batid Niyang Siya ang Salita. Siya, Siya'y tiyak na tiyak sa bagay na 'yun. Kaya naman, Siya, nung labindalawang taong gulang pa lang Siya, Batang musmos pa lang, nasumpungan nga natin Siya (gaya ng binabanggit ko kahapon) sa templo, nakikipag-diskusyon sa mga saserdote. Ang karunungan Niya'y higit sa mga tradisyon nila, at Kanya ngang tinuruan sila, na mga kalalakihan dun. At nung 'yung Kanyang Sariling ina'y pumaroon sa Kanya, at may nagawang. . . may nasabing salita na mali, haya't masdan n'yo ang Salita na itinutuwid ang pagkakamaling 'yun.

⁵⁷ Ang Salita nga'y nagtutuwid ng kamalian sa tuwina. At kung makikita lang ng mga tao ang bagay na 'yan sa panahon ngayon, ang Salita nga'y tumutuwid ng kamalian! Lahat-lahat nga'y nagiging mali na. Pero ang Salita ng Diyos ang siyang tama talaga. Sabi Niya, "Ang kalangitan at ang lupa ay lilipas, datapat ang Aking mga Salita ay hindi lilipas."

⁵⁸ At ang Salitang iprinopesiya para sa panahong ito, ang siya ngang nagtutuwid ng kamalian ng panahong ito. Nauunawaan n'yo ba? Yung Salita Mismo ang magtutuwid sa kamalian. Ang mga tao ngayon, sasabihin nila, "Oh, umanib tayo *rito*. Umanib tayo dun sa Konseho. Gawin natin 'yung *ganitong* mga bagay." Kamalian 'yan. At ang Salita nga'y magbabalik at itutuwid ang kamaliang 'yan, sa pamamagitan ng pagpapakilala sa Sarili Nito, sa oras, at sa oras ng panahon. Ngayon batid nga nating totoong lahat 'yan.

⁵⁹ Ngayon may ibibigay po ako sa inyo na munting personal na patotoo sa susunod na sampung minuto, kung loobin po ng Panginoon, isang munting personal na patotoo. Na, sa palagay ko, kung di ako nagkakamali, si Kapatid na John Sharrit. . . di ko alam kung nandito siya ngayong gabi sa gusali, o wala. Di ko pa siya nakikita. Isa siyang malapit na kaibigan, minamahal na kapatid. Siya'y kasa-kasama ko noon nung unang mga taon sa pagmi-ministryo.

⁶⁰ Ilan po sa mga narito ang nakadalo noon nung unang beses na magpunta ako *rito* sa Phoenix, labing-anim na taon na ang nakalipas? Patingin po ng mga kamay n'yo. Hayan nga, halos sang-katlo ng mga narito. Ilan po sa inyo ang nakakaalala nun, nung ipinapanalangin noon 'yung mga maysakit, iuunat ko nga noon 'yung kamay ko, papatungan naman ako—ako ng mga tao ng kamay nila; at pagkatapos, anumang salitain, 'yun nga ang natatamo nila. Ilan po ang nakakaalala nun?

⁶¹ At ilan sa inyo ang nakakaalala nun noong sabihin ko sa inyo na ang Anghel ng Panginoon, sa Haliging Apoy na 'yun, na—na kinatagpo ako sa may dakong 'yun doon, at nagsabi sa akin, na kung ako'y "magiging tapat," ay ipangyayari 'yun na

akin ngang “malalaman ang mismong lihim ng puso.” Ilan po ang nakakaalala nun, na ganun daw ang mangyayari?

62 Ngayon, ilan naman ang nakakaalala na ipinangako Niya na 'yun ay magtutuloy? At, di nga katagalan, may pangitain, na ipinangako Niya dun 'yung tungkol sa hatak sa pamansing na 'yun, sabi, “Di mo maituturo sa mga Pentecostal na sanggol ang mga bagay na sobrenatural.” At nung makadako na ako roon sa ikatlong hatak, ang sabi Niya, “Ngayon huwag na huwag mong ipagsasabi kahit kanino ang bagay na ito. Sinusubukan mo ngang ipaliwanag 'yung isang 'yun. Huwag na huwag mong ipagsasabi kahit kanino ang bagay na ito. Ito na ang pinaka dakila't huling hatak.” Ilan po ang nakakaalalang inihula 'yun?

63 Kita n'yo, di talaga Siya nabibigo. Nangyari ang mga bagay na 'yun, isa, dalawa, tatlo, kagaya nung dapat na mangyari sa kanila.

64 Ngayon, sa Phoenix, nung panahong si Gng. Waldroff ay namatay dito sa pila ng pananalangin, may kanser siya sa puso, at siya'y gumaling. Madalas siyang dumalo sa mga pagtitipon. Marahil ay narito siya ngayon. At pagkatapos . . . si Gng. Hattie Waldroff. Pagkatapos nga nun ay nalaman natin 'yung patotoo nung doktor niya sa bagay na ito, may ibinigay na mga—mga litrato, o di pala 'yun. . . Ano nga uling tawag n'yo dun, mga x-ray? Mga x-ray nun, na ipinapakita dun na 'yung—'yung ginang nga'y nagka-kanser noon. At ngayon ay buhay pa rin siya sa araw na ito. At labing-anim na taon na ang nakalilipas n'yan. Ngayon sigurado po akong si ginoong . . . Oo, hayan nga si Gng. Waldroff, nakaupo riyang ngayon. Hayan siya. [May nagsasabi, “Labimpitong taon na po, ngayong Marso.”—Pat.] Labimpitong taon na pala, ngayong Marso. Hayan nga ang isang ginang na patay na noon, at nabuhay uli, may kanser sa puso niya. Dahil, hayan nga't GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Ngayon pansinin n'yo nga ang mga panahon na 'yan.

65 Nagpunta ako noon sa California, at sa pagkakaalala ko'y kasama ko noon si Kapatid na John Sharrit. Kanina ko pa ito iniisip, iniisip ko ito, nung papunta ako rito. Sa tingin ko nga'y kasama ko talaga siya noon. At ang maybahay ko't ako. . . At pati si Rebekah ko, dalaga na ngayon, magtatapos na ngayong taon; sanggol pa lang siya noon, karga-karga ko pa siya sa bisig ko. At nagpunta, rin kami roon, nagpunta ng Catalina, papunta kami noon sa Catalina matapos ang pagtitipon, dinala namin 'yung bangka't babalik pagkatapos, baka sakaling magpunta kasi kami ng dagat. At nung gabi bago kami umalis, o isang gabi ba 'yun o dalawa. . .

66 Si Paul Melikian, halos lahat kayo'y kilala na siya. Si Paul Melikian. Sa tingin ko'y kasama siya sa gru- . . . Ano po? [Isang kapatid na lalaki ang nagsasabi, “Madera.”—Pat.] Saan po? [“Madera.”] Madera, California. Ang nanay niya't, tatay niya'y,

kapwa sila pinagaling sa mga pagtitipon. Bumiyahe ako roon sakay ng eroplano, para bisitahin sila, at sila nga'y pinagaling.

⁶⁷ Kapapanganak lang noon nung maybahay ni Paul sa—sa isang sanggol. Kay iinam na tao, mga tubong Armenia, at sila nga'y nagpatawag dun at humiling, may sakit kasi noon 'yung maybahay niya't gusto nilang dalhin siya dun. Sabi ko, "Sige, dalhin n'yo." Kaya, dinala nila siya dun. At nung gabing 'yun. . . Yung maybahay niya, at ang maybahay ko't ako, at si Kapatid na Sharrit nga siguro. Di ko lang po sigurado.

⁶⁸ Nandito ba ngayon si Kapatid na Sharrit? Kung nandito siya. . . Tama ba 'yun, Kapatid na Sharrit, nandun ka ba nung gabing 'yun? Siyanga. Hayan po ang saksi. Tinitingnan ko—ko kung nandito si Kapatid na John, at masigurado kung nandun talaga siya noon.

⁶⁹ Ngayon ipinatong niya 'yung kamay niya sa kamay ko, at bigla na lang humugong 'yun. "At, tingnan mo, may buhay siya sa kanya na papatay sa kanya, isang masamang buhay." Tapos sabi ko, "May pamamaga ka sa binti mo." Buweno, di nga siya nagpapakita ng kahit anong sintomas nung panahong 'yun. Pero mga ilang araw pa lang pagkatapos, dineklara na nung doktor na may pamamaga nga siya sa binti.

Sabi niya, "Nakakamangha naman, Kapatid na Branham."

⁷⁰ Ngayon may sasabihin po ako ritong ilang bagay na—na para bang nakakahiyang sabihin. Pero kinakailangan ko—ko ngang sabihin ang totoo, anupaman 'yun. Ayaw na ayaw kong sabihin na kontrabandista ng alak ang tatay ko. Ayaw na ayaw kong sabihin 'yun, pero 'yun nga ang totoo. Oo. Kung may mga gaya n'yan na mali, ating—ating—ating ituwid na ito dito pa lang ngayon, huwag na nating hintaying dun pa sa dakong 'yun Doon. At ako—ako nga'y gusto kong sinasabi ang magagandang bagay, pero kinakailangan nga din nating sabihin kahit 'yung mga masasama, rin.

⁷¹ Nandun nga sa silid ang maybahay ko noon, isang munti't, itim ang buhok na binibini. Tapos ang sabi ni Gng. Malicki, "Nakakagulat naman, na nararamdaman mo ang kilos nun sa kamay mo." Sabi, "Ganun din ba 'yan sa kamay ng lahat?"

Sabi ko, "Hindi, po."

Sabi, "Maipapaliwanag mo ba?"

Sabi ko, "Hindi, po."

⁷² Hindi nga, hindi mo maipapaliwanag ang anumang bagay tungkol sa Diyos. Hindi mo maipapaliwanag ang mga gawa ng Diyos. Hindi mo maipapaliwanag ang Diyos. Ang Diyos nga'y walang kapaliwanagan. Kung mayroon, o di sana'y di na natin kailangang maniwala sa Kanya gamit ang pananampalataya.

73 Sabi ko, “Ang mga gawa ng Diyos ay higit sa kaya nating liripin. Kita mo?” Sabi ko, “Isa ’yang gawa ng Diyos, na di ko kayang ipaliwanag.”

Tapos sabi niya, “Buweno, ako’y . . . Nakakamangha talaga ’yan.”

At, at sabi ko, “Buweno, haya’t ipapatong ko ang kamay ko rito. Tingnan mo, walang mangyayari.”

74 Sabi ko, “Haya’t walang dipirensya sa asawa ko. Sige nga ipatong mo ’yung kamay mo, honey.” At nung pagkalapat na pagkalapat nung kamay niya sa kamay ko, ng maybahay ko, sabi ko, “May bukol ka sa kaliwang obaryo mo.”

Naaalala mo pa ba ’yun, Kapatid na Sharrit, dun sa silid nung gabing ’yun?

75 Buweno, dalawang taon pagkatapos nun, ipinanganak ang munti kong si Sarah, apat na taon pagkatapos ni Becky. Sabi ko sa doktor, may . . . Yung mga anak ko nga’y caesarean silang lahat, dahil di po normal ang panganganak ng maybahay ko; ganun din kasi siya, ganun ang buong pamilya niya. At tapos sinabi ko sa doktor, “Tingnan mo ’yung kaliwang obaryo niya, at kapag operahan mo na siya, ay tingnan mo kung may bukol nga dun.”

76 Sabi ng doktor, “Kapatid na Branham, sige, aking—aking titingnan.” Pero nung ’yung . . . nung bumalik na siya, sabi niya, “Wala naman akong nakita, Kapatid na Branham.”

Sabi ko, “Sige.”

77 Apat na taon ang dumaan, ang munti ko namang si Joseph ang dumating sa amin. At akin—akin ngang hinawakan noon sa kamay ang maybahay ko, nandun pa rin. At sabi ko, “Doktor, maaari mo bang tingnan uli ’yung kaliwang obaryo, po?”

78 At sabi nga niya, “Sige, Kapatid na Branham.” Tiningnan niya, at tapos . . . “Wala, wala naman,” sabi nung doktor.

79 Hinawakan ko uli ’yung kamay ng maybahay ko. Sabi ko, “Pero nandun naman. Nandun naman ’yun. Heto, *heto* nga’t nandun daw talaga.” Di makita nung doktor.

Buweno, lumipas ang panahon, lumipas ang mga taon.

80 Nitong nakaraang taon, kami nga’y, bale ikadalawampu’t dalawang taon na naming kasal. At lagi nga akong nangangaso, tuwing honeymoon namin. At may dako ako roon na lagi kong pinupuntahan sa ituktok ng bundok, at ako nga’y nananalangin dun, at naghahandog ako ng pasasalamat sa Diyos dahil sa napakabuting asawa. Napakalapit ng loob ko sa asawa ko, at kaya ginagawa ko ’yun taon-taon.

81 Nung lumipat kami rito sa Arizona, sa utos ng Panginoon. At nakita n’yo na ito marahil sa mga pahayagan, at dala ko rito ’yung munting litrato nun, may papakitaan ako nito mamayang

hapon, narito nga't inilathala 'yun ng magasin. At tumayo nga ako noon sa entablado ng ito, at sinabi ko sa bawat taong narito noon, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON, 'May bagay na napipinto nang mangyari. May nakita akong konstelasyon ng pitong anghel na kakatagpo sa akin, sa may hilaga ng Tucson.'" Naaalala n'yo pa ba? Ilan po ang narito noon nung sabihin ko 'yun mga ilang taon na rin ang nagdaan? Sige po. At alam n'yo nga kung ano ang eksaktong nangyari, ganoon na ganoon nga ang nangyari.

⁸² Maging 'yung magasin ay inilathala nila 'yung litrato nun, "May namataang misteryosong Liwanag, dalawampu't pitong milya sa ere; tatlung milya ang taas, at dalawampu't pitong milya ang lapad." Haya't ang tubig sa ere ay hanggang walo o siyam na milya lang ang itinataas, alam n'yo 'yan, at di tuloy nila malaman kung ano nga ba Iyon. Wala akong sinabi ni isang salita patungkol dun, hinayaan ko lang; dahil, wala rin namang mabuting maidudulot 'yun may sabihin man ako, wala nga.

⁸³ Katulad na katulad din kasi 'yun noon dun sa nakuhanang Liwanag, ang Anghel ng Panginoon, di rin Iyon mapaniwalaan ng mga tao.

⁸⁴ At ngayon, mangyari ngang nung lumipat na kami dito, ako nga'y nasa mga pagtitipon sa tuwina, ginagawa ko ang lahat ng makakaya ko sa Panginoon. Pero hindi ko nagagawa ang lahat ng dapat ko sanang gawin, alam kong—alam kong napakarami kong nagagawang pagkukulang.

⁸⁵ At ang asawa ko nga'y kailangan niyang tumayong nanay at tatay, kapwa, sa mga bata, dahil lagi akong wala. At kapag magde-desisyon siya. . . Ang tatay at nanay nga'y kailangang magkasundo sa lahat ng desisyon nila para sa mga anak nila. Pero wala naman ako lagi, ako'y nasa paglilingkod sa Diyos. At ang maybahay ko'y kuwarenta y kuwatro na ngayon, sampung taon ang bata niya sa akin. At sa tuwing uuwi ako galing sa mga pagtitipon, haya't ako nga'y laging pagod. Nasa mga ano na rin (halos) dalawang taon na rin ang nakalipas, sa palagay ko, nung lumipat kami rito. At lagi akong humahayo sa labas, at ako nga'y laging napapagod nang husto.

⁸⁶ At 'yung bunso kong, si Joseph, palibhasa'y napakabata pa niya, at dun nga sa eskuwelahan ay nasasagap niya lahat. May isang araw nung kauwi ko pa lang, may nasabi siyang hindi maganda, at sinagot niya 'yung nanay niya. At—at pagkatapos nun tumakbo siya papunta sa akin. Ngayon, alam niya, alam niyang makakatikim siya ng palo sa nanay niya.

Kaya sabi ng asawa ko, sabi niya, "Billy, paluin mo nga 'yan."

⁸⁷ At tapos nun niyakap niya ako, sabi, "Daddy, pasensya na po talaga." Alam nga niya kung saan ako mahina.

At kaya, “Oh,” sabi ko, “honey, kalimutan na natin ito. Di ko siya kayang paluin.”

⁸⁸ At sa pagitan ng maybahay ko’t ako, heto ang Biblia ritong nakabukas sa harapan ko, ni minsan ay di kami nagkasagutan sa buong buhay namin. Pero bigla na lang nung sandaling ’yun, sa tensyonadong-tensyonadong sandali na ’yun, binalibagan niya ako ng pinto. At sabi niya, “Kung ganun naman pala o di ikaw na ang mag-alaga sa kanya,” tapos binalibag niya ’yung pinto, at nagkulong sa loob.

⁸⁹ Sa loob-loob ko, “Kawawang nanay! Grabe, mag-isa lang kasi niyang pinagdadaan ang lahat ng ito, sa sarili niya.”

⁹⁰ Lumabas ako, at sabi ko, “Joseph, halika,” sabi ko. Kinuha ko siya. Sabi ko, “Dapat kang paluin ni daddy. Alam mo ’yan. Pero,” sabi ko, “dahil sa humingi ka naman ng tawad. Kita mo? Pero, tandaan mo, mauubos din ang—ang pasensya ko, isa sa mga araw na ito. At dapat, ’yang paghingi mo ng tawad na ’yan, dapat may ibunga ’yan na tatapat dun sa paghingi mo ng tawad, at kailangan mong patunayan sa akin na sinsiro ka talaga riyon. Kita mo? Kung mahal mo nga ako, pakikilingan mo ako.”

⁹¹ At pagkatapos nun lumabas ako, at sabi ko, “Huhugasan ko lang ’yung alikabok sa salamin ng kotse ko.” At kaya sinimulan ko nang hugasan ’yung salamin.

⁹² At, habang naghuhugas ako roon, may Tinig na nagsalita, “Puntahan mo siya, at sabihin mo sa kanya na basahin niya ang Ikalawang Mga Cronica 22.”

⁹³ Sa isip-isip ko, “Baka—baka—baka . . . Di ko malaman kung paano’t pumasok ’yun sa isip ko.” Sa isip-isip ko, “Buweno, baka guni-guni ko lang ’yun.” Nagpatuloy ako sa paghugas.

⁹⁴ At pagkatapos bumalik Yun, mas malakas na, “Puntahan mo na’t, sabihin sa kanya!” Buweno, natakot talaga ako Roon.

⁹⁵ Pumasok ako’t binasa ko ’yun. Alam n’yo ba kung tungkol saan ’yun? Tungkol ’yun kay Miriam nung kutyain niya si Moises, dahil sa nakapangasawa ito ng babaing taga-Ethiopia. At sabi dun ng Diyos, “Mas mabuti pang niluraan ka ng iyong ama sa iyong mukha, kaysa gawin ’yun.” Kita n’yo? At tinawag Niya sila sa loob, sabi, “Pumaroon ka’t, kunin mo si Miriam, dinapuan siya ng ketong.” Sabi, “Pumaroon ka’t, kunin mo si Miriam.” At kaya si Moises. . . At bumaba sa tabernakulo ’yung Haliging Apoy. At tumayo roon si Moises. At nakipag-usap ang Diyos sa kanila. Sabi Niya, “Kung mayroong isa sa gitna ninyo, na espiritual o propeta, Akong Panginoo ay pakikilala sa kanya. Kakausapin Ko siya sa pamamagitan ng mga pangitain, maglalahad ng mga panaginip, at iba pa.” Sabi Niya, “Ngunit ang lingkod Ko, na si Moises, wala siyang katulad sa lupain.” Sabi Niya, “Hindi ba kayo natatakot sa Diyos?” At si Miriam nga, gayong isa siyang propeta, dinapuan siya ng ketong. At namagitan sa kanya si Moises, at nabuhay siya.

⁹⁶ Pagkatapos, natakot talaga ako. Wala naman sa akin 'yun. Kung ako lang, di ko—di ko na 'yun papansinin, pero napansin Niya. Siya Yaong nakapansin nun. Asawa ko po ito, handa nga akong mamatay para sa kanya anumang oras. Pero napansin 'yun ng Diyos. Ngayon 'yan po ang totoo, heto po ang Biblia ko't nakabukas sa harapan ko.

⁹⁷ At pumasok na ako. At nagkulong nga siya roon sa silid at ipininid 'yung pinto, at nananahi roon sa loob sa makinang panahi. At kumatok ako sa pinto, at sabi ko, “Mahal, gusto ko sanang kausapin ka sandali.”

Sabi niya, “Ano bang gusto mo?”

⁹⁸ Sabi ko, “Honey, buksan mo na ang pinto, agad. May salita ako na galing sa Panginoon.” Mangyari ngang napahinahon siya nun nang kaunti, kaya binuksan niya 'yung pinto.

⁹⁹ At pumasok na kami sa loob. Tapos sabi ko, “Mahal, alam mo naman, na mahal na mahal kita, wala naman talaga sa akin—sa akin—sa akin 'yun.”

Sabi niya, “Kasi, Bill, nung . . . tensyonado talaga ako nun!”

¹⁰⁰ Sabi ko, “Alam ko naman. Pero di Niya 'yun nagustuhan. Di Siya nalugod. Sinabi Niya sa akin sa may puno dun, dun sa punong 'yun dun, dun sa puno ng palmera sa harap ng bahay, na pumasok ako rito't 'basahin ang Kasulatang ito' sa iyo.” At binasa ko Iyon.

¹⁰¹ Tulungan nawa ako, lumipas ang ilang araw, nanakit 'yung tagiliran niya sa kaliwa. Kinailangan nga naming umuwi. At nanakit 'yun nang nanakit. Ipinanalangin ko siya. Lumala pa rin nang lumala.

¹⁰² Dinala ko siya sa kaibigan kong doktor sa Louisville, kay Doktor Schoen, na isang espesyalista. Ineksamin niya siya, sabi, “Gng. Branham, sabihin mo kay Kapatid na Branham na gusto ko siyang makita.”

Sabi ng asawa ko, “Doktor, ano pong nakita n'yo?”

Sabi, “Siguro sa kanya ko na lang sasabihin.”

¹⁰³ Kaya tinawag ako ni Meda, at pumunta ako. At sabi nung doktor, “Kapatid na Branham, may bukol siya sa kaliwang obaryo niya, mga kasing laki ng walnut.”

At umuwi na ako kasama ng asawa ko, at sabi ko, “Naalala mo?”

¹⁰⁴ Sabi niya, “Dun nga kina Kapatid na Sharrit, kung di ako nagkakamali, dun sa California. Sinabi mo na ito sa akin nang labing-anim na taon na ngayon.”

Sabi ko, “Tama. Ngayon lang lumitaw.”

Sabi niya, “Bill, sa tingin mo dahil 'yun sa ginawa ko nung isang umaga.”

105 Sabi ko, “Di ko alam, honey, hindi ko—hindi ko masabi.” Buweno, nagyakapan kami sa isa’t isa at nagsimula na kaming humagulgol, sa harap ng Panginoon. Pumasok ako sa silid at ipinanalangin ko siya, nang buong puso ko.

106 Si Doktor Schoen, tinawagan ko siya uli, sabi ko, “Dok, ano nang gagawin namin?”

Sabi niya, “Dapat matanggal na ’yun.”

Tapos sabi ko, “Palilipasin ko muna nang kaunti.”

107 Sabi niya, “Masasabi ko lang, Kapatid na Branham, siguro ipapadala kita sa isang babaing espesyalista, para maisama mo ang asawa mo, isa siyang mabuting kaibigan. Cristiano rin siya, oo.”

108 Sabi ko, “Buweno, kung ikaw na lang kaya, Dok?” Ayaw nga niyang siya ang mag-oopera’t gagalaw nun, kita n’yo.

109 Sabi niya, “Sige ipapadala ko na kayo.” Ganun niya akong kamahal, at nirerespeto niya ang gawain ko para sa Panginoon. At kaya sinabi na niya dun sa isang doktor ’yung tungkol dun.

110 Tapos dinala ko na ’yung asawa ko dun. At ineksamin nila ’yun, tapos gumuhit sila ng diagram nun; gumuhit ng diagram at—at kung ano ba, kung gaano bang kalaki talaga ’yun. Sabi, “Dalhin mo uli siya rito sa loob nang mga tatlumpung araw.”

111 Sa loob ng tatlumpung araw, dinala ko ’yun pabalik, at sa pagiging kasing laki ng walnut ay lumaki’t kasing laki na ng limon, nang ganung kabilis. At sa loob pala ng maraming taon, nandun lang pala talaga ’yun na nakahimlay.

112 Pagkatapos nun nangusap sa akin ang Panginoon, at ako nga’y isinusugo uli, kaya bumalik po ako rito.

113 Pagkatapos nung makabalik na kami mula sa isa naming bakasyon, kinunan nila uli ’yun ng panibagong x-ray, naging kasing laki na ng dalandan. Sabi niya, “G. Branham, tunay na hangang-hanga talaga ako sa pananampalataya mo sa Diyos na Makapangyarihan sa lahat.” Sabi niya, “Ako man ay Cristiano, rin. Nabanggit sa akin ni Doktor Schoen na isa ka nga raw espirituwal na manggagamot.”

114 Sabi ko, “Hindi lang niya siguro naunawaan. Hindi po ako espirituwal na manggagamot.” Sabi ko, “Umaasa lang ako sa Diyos.” Tapos sabi ko, “Naiintindihan namin ang kundisyon.”

Tapos sabi niya—sabi niya, “G. Branham, may mabuti kang asawa.”

Sabi ko, “Lubos ko ngang batid ’yan!”

115 Sabi, “Kung lalambot ’yung bukol, magiging nakamamatay na bukol ito, at pagkatapos nun magiging biyudo ka na.”

Tapos sabi ko, “Nauunawaan ko, doktor.”

Sabi, “Tutol ka bang tanggalin ’yun.”

116 Sabi ko, “Hindi, naman. Pero,” sabi ko, “may dahilan kami. Kaya maaari bang palipasin muna natin kahit kaunti, kung maaari?”

117 Tapos sabi niya, “Buweno, ganito na lang siguro.” Sabi, “Sabi nila sa Tucson ka na ngayon nakatira.” At may binanggit siya sa aking espesyalista, sabi, “Kaibigan ko siya.” Sabi, “Dati na akong lumipat sa Tucson, at sinubukan kong tumira dun, minsan.” Sabi niya, “Medyo maalinsangan sa akin ang lugar.” Sabi, “Itong lalaking ito ang pinaka magaling dun, sa lahat ng nasa kanluran ng Mississippi.” Kaya sabi niya, “Ipadadala ko sa kanya itong mga x-ray at diagram, at lahat, sa kanya.” Kaya, ipinadala niya ‘yun sa Tucson.

118 At ‘yung naturang lalaki, nung mapadala na ‘yun sa kanya, lumipas muna ang tatlumpung araw, tiningnan nga namin uli ‘yun, tiningnan nung lalaki. At ang sabi niya, “Kasing laki na ito ng suha, lumaki na nang lumaki. Kailangan na talaga itong matanggal, agad-agad.”

119 Buweno, may mga lakad naman ako nun. Nagpunta ako sa hilaga, at nagbakasyon. Tapos bumalik, at nagpunta naman ng New York, sa New York City, sa Morris Auditorium, para sa isang rebaybal. Nung pabalik naman ako, kinailangan kong huminto muna sa Louisiana, kina Kapatid na Jack Moore.

120 Tinawagan ko ang maybahay ko, nung gabing ‘yun bago siya tingnan uli, at sabi niya, “Honey, bukas kinakailangan ko na namang bumalik sa—sa doktor, para maeksamin uli.” Tapos sabi niya, “Bill, hindi ko maigalaw ang kaliwang binti ko, nang buong sanglinggo. Bumubukol din ‘yung bukol sa damit ko.” Bumukol na nga nang *paganito*, magang-maga talaga, palaki pa nang palaki. Tapos sabi, “Masakit na masakit talaga, di ko man lang ‘yun puwedeng madampian ng kamay ko.” Sabi, “Ito ngang sanlinggong ito kinakailangang isa-isa kong ilabas ang binti ko, isa-isa, at dahan-dahang kumilos.”

121 At sabi ko, “Honey, siguradong gusto na niyang matanggal ‘yan.” At sabi ko, “Kung ganun ang sasabihin niya, pagkatapos na lang ng Pasko; di kasi tayo makakauwi rito, makakauwi.”

Tapos sabi niya, “Alam ko,” Sabi niya, “Buweno, ano nang dapat nating gawin?”

122 Sabi ko, “Buweno, sabihin mo na lang sa kanya, na kung mapagbibigyan ka niya ‘palipasin niya muna’t pagkatapos na lang ng Pasko.’ Tapos nun talagang ipapatanggal na natin ‘yan, pagkatapos na pagkatapos ng Pasko. Dahil, gusto ko sanang makauwi ka muna uli bago ka bumalik sa ospital.”

123 At ngayon ang sabi niya, “Ngayon, pupunta ako bukas, mga bandang alas tres,” parang ganun. At iba ang oras na ‘yun sa oras natin dito. Sabi niya, “Maidadaos mo pa ‘yung una mong gawain diyan sa Shreveport, tapos nun tawagan mo ako, kapag natapos na.”

Sabi ko, “Sige.”

124 May kaibigan nga kaming ginang dun, isang kalugud-lugod na Cristianong ginang. Nandito sila nung Linggo, sa palagay ko wala sila ngayong gabi. Pero pupunta sila. Norman, isang Gng. Norman. Nandito po ba kayo, G. at Gng. Norman? Di ko lang alam kung nandito sila, o wala, Kapatid na lalaki’t Kapatid na babaing Norman, na taga-Tucson. Si kapatid na babae kasi ang . . . Sa palagay ko di sila nakakadalo nang sunud-sunod na gabi, kaya bukas pa siya ng gabi pupunta rito, sa palagay ko. May kapatid ba, nandito ba ang kapatid na lalaki ni Kapatid na babaing Norman? Sa palagay ko nandito siya. Nandito kaya siya? Nandiyan kaya . . . Ang pamilya niya, sinuman sa pamilya diyan, mga Norm- . . . ? Oh, hayan, nga. Nandiyan nga sila, sa may likod. Oo. Sige. Si kapatid na babae nga ang sumama sa asawa ko noon.

125 Ngayon nung umagang ’yun bago ako umalis, ng bahay, lagi ’yan sa pagbangon namin, haya’t kami nga’y mananalangin muna; sa tuwing aalis kami, isinasama namin pati ’yung mga bata’t lahat kami, tatayo kami sa harap nung larawan ni Jesus, dun sa salas namin, sa obra ni Hoffman na *Head of Christ at Thirty-three*. At kami nga’y sama-sama dung tatayo, nandun nga ang mga bata, at bawat isa sa kanila’y ipapanalangin ako. Ipapanalangin din ako ng asawa ko, at pagkatapos siya naman ang ipapanalangin ko. Tapos bibiyahe na ako sa ibayong-dagat, kung saanman. At amin ngang itinatagubilin ang aming mga sarili sa Panginoon, sa Kanyang gawain.

126 Alam n’yo, nawalan na ako ng asawa, noon, nung bata-bata pa ako, ’yung nanay ni Billy. At naiwan nga ako noon sa bahay nang dalawa o tatlong araw, at, alam n’yo, ’yung mga bata’t lahat sila, haya’t wala nga silang lahat dun. Nakakalungkot po. Para bang bumabalik sa akin ’yung mga alaalang ’yun.

127 At nung umagang ’yun, maaga, akong bumangon, nandun na sina Billy at Loyce na hinihintay na ako. At lumuhod ako, at inilapit ko sa akin ’yung maliit na lumang bangko roon, maliit na sofa. Lumuhod ako, tumingala, tapos sabi ko, “Oh, sabik na sabik na ako sa kanila!” Sabi ko, “Makalangit na Ama, ako’y papunta na po ngayon ng Shreveport. Idinadalangin kong Iyo pong tulungan ako sa dakong ’yun. At biyayaan ako, ibigay sa akin ang mga kaluluwa, Panginoon, para sa Iyong Kaharian. Iyo pong gamitin ako sa anumang paraang ibigin Mo. Ako’y nasa Iyong mga kamay.” Sabi ko, “Sa kabilang ibayo ng mga disyerto, ay nandun po ang aking tapat na munting maybahay, naghihintay ngayong umaga. Siya’y papunta ngayon sa dakong ’yun, naghahanda na para sa operasyon.” Sabi ko, “Panginoon, sinabi ko sa kanya, kagabi, ‘Sabihin sa doktor na ipagpaliban muna ’yun at pagkatapos na lang sana ng Pasko.’ Mali po ba ako dun? Magiging nakamamatay na po ba ’yung bukol? Kung nagawa ko po ’yun, at nasabi ko sa kanya na sabihin dun sa

doktor na, 'ipagpaliban,' at, ang mangyari sa panahong 'yun, ay maging nakamamatay nga ang bukol at mawala siya sa akin, di ko nga mapapatawad ang sarili ko dahil sa ginawa kong 'yun."

¹²⁸ Sabi ko, "Panginoon, sa tuwina'y dumudulog ako sa Iyo nang magda-dalawang taon na, siyanga't, labing-anim na taon na, pero," sabi ko, "itong huling dalawang taon nung mangyari 'yun." Sabi ko, "Ama, hindi siya kailanman nabigong maging tapat na asawa sa akin. Sa tuwing naghahanda akong humayo sa mga gawain, ni minsan ay hindi siya nagreklamo, ni isang beses man. Lagi niyang sinisigurado na malinis ang mga damit ko, at nalabhan ang mga damit ko, at lahat, at siya mismo ang naghahanda nun sa akin. At sa tuwing darating nga po ako sa bahay, pagod na pagod ako, di ko man lang. . . At mangyaring, kadalasan, gusto ng kababaihan na makasama sana nila ang asawa nila. At pag-uwi ko naman, ang dami namang gustong makipagkita sa akin, ano pang magagawa ko? Kundi sumama sa pangangaso o pangingisda. Nagreklamo ba siya? Ni minsan nga'y hindi. Ipaghahanda pa niya ako ng damit, at papayagan niya akong pumunta, 'Ayos lang.' Ang kaawa-awa kong asawa, kuwarenta y kuwatro na, mala-niyebe na ang buhok, nakatayo sa pagitan ko at ng publiko." Sabi ko, "Diyos, hindi po niya sinasadya 'yung ginawa niya, nung umagang 'yun. Hindi niya sinasadya, Ama. Mismong mga kilos niya ang nagpapakitang di niya talaga sinasadya. Ninerbiyos lang siya."

¹²⁹ Tulungan nawa ako, ito na ang ikalimang pagkakataon na ipinangyari ito! Mula dun sa mga squirrel; at maging 'yung dun sa Kentucky; tapos pati 'yung magkakapatid na Wright sa dako roon; tapos 'yung unos dun sa bundok, na wala lang akong oras para ikuwento sana ito sa inyo ngayong gabi; at tapos itong pagkakataon na ito, totoong-totoo lahat! May biglang Liwanag na lumitaw dun, nakalutang dun, at sabi Nun, "Tumayo ka sa iyong mga paa." At tumayo ako. Sabi Niya, "Anumang sabihin mo, ay ganoon nga ang ipangyari."

¹³⁰ Sabi ko, "Sa pamamagitan ng kamay ng Diyos malulusaw ang tumor na 'yun bago pa man 'yun magalaw nung kamay ng doktor."

¹³¹ Sisikapin kong mapapunta rito si Gng. Norman bukas ng gabi. Haya't di ko na siya natawagan noon, nagkataon naman kasing. . . hinihintay na ako nina Billy at Loyce. Nagpunta na kami ng Shreveport, dun na ako nagkaroon ng pagkakataon sa telepono para matawagan siya.

¹³² Nagpunta na siya sa doktor. At si Gng. Norman nga ang umalalay sa kanya roon, at 'yung nars, sa silid, para masuotan siya nung damit na isinusuot ng ooperahan, para makahiga na dun sa mesa. At itinutok na nila 'yung mga instrumento nila, nandun 'yung mga diagram at mga x-ray, at iba pa. Sabi nung

doktor, “Kumusta ang pakiramdam mo, Gng. Branham?” Sabi nung doktor. . .

¹³³ At, 'yung doktor, binuksan namin 'yung liham, para makita kung anong isinulat niya dun, sa isa pang doktor. Sabi, “Si Gng. Branham ay napakabuting ginang, at ang asawa niya'y napakabuting ginoo. Isa siyang espirituwal na manggagamot, pero di siya tumututol sa pag-oopera mo. Doktor, nararapat na talaga itong matanggal!” Ganoon nga, ang nabasa namin dun, kita n'yo, “Kailangan nang matanggal ang tumor na 'yun sa lalong madaling panahon, o mamamatay si Gng. Branham.”

¹³⁴ At pagkatapos nung pagbalik na pagbalik nung doktor dun, para itaas na 'yung talukbong, para galawin na 'yung tagiliran niya, may napakalamig na kung anong Bagay na mabilis na dumaan sa ibabaw ng asawa ko, at nawala 'yung tumor. Wala na nga 'yung tumor. At 'yung doktor. . . Habang nakahiga ang asawa ko roon, at hahawakan na, sabi niya, “Gng. Branham, hindi ba't nasa kaliwang tagiliran mo ang tumor, hindi ba?”

Sabi ng asawa ko, “Opo, doktor, nandun nga.”

¹³⁵ Kaya bumaling 'yung doktor dun sa x-ray, bumaling siya't kinuha niya 'yung mga diagram niya, inulit uli 'yung pagsusuri. Sabi niya, “Gng. Branham, di ko ito maipaliwanag, pero wala na dun ang tumor. Wala na ang tumor.”

¹³⁶ Ngayon, 'yan po ang katotohanan, tulungan nawa ako! Batid ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat na ito nga ang katotohanan, na saksi rito. Kita n'yo, saktong-sakto talaga dun sa pagkakasabi! Haya't 'yung “kamay nung doktor,” sabi niya, “kaunting-kaunti na *lang*” ang agwat sa kanya, nung biglang may malamig na kung anong Bagay na mabilis na dumaan sa ibabaw niya. Siya nga'y nung una'y di halos. . . Inalalayan pa nina Gng. Norman at nung iba pa dun, (at mapapatotohanan sa inyo ito ng mga kapatiran diyan sa likod), inalalayan nga siya dun sa mesa. At nandun 'yung diagram at mga x-ray, at lahat na, nung tumor. At ni senyales nun ay wala dung nakita. At mula nun ni isang sintomas ay di na siya nagkaroon. At halos dalawang linggo na lang nun bago mag-Pasko.

¹³⁷ Ang Diyos nga'y nananatiling totoo sa Kanyang Salita! “Kapwa ang kalangitan at ang lupa ay lilipas, datapwat ang Aking mga Salita ay hindi lilipas.” Ang Diyos nga, Na kayang lumikha ng mga squirrel, Na kayang mag-alis ng mga tumor, Siya nga'y siya pa ring Diyos sa gabing ito, dahil Ito'y si Jesus Cristo na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Inyo bang sinasampalatayanan ito? [Sinabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ang Makalangit na Ama, Na akin ngang saksi, habang nakapatong ang Bibliang ito sa puso ko, nakababatid na ang bawat salita sa salita nun ay totoong-totoo sa kung papaano ko ito alam sabihin. Ano bang maidudulot sa akin na mabuti kung ang sasabihin ko ay di totoo, mga kaibigan? Para

saan ba't sinasabi ko po ito? Ito'y para nga mahikayat kayo na manampalataya.

¹³⁸ Ngayon, ang dakila ngang kaloob na ito! Ang ibang bagay magagawa ko pang maipaliwanag at sabihin kung papaano nga 'yun nagagawa. Pero ang bagay na ito ay di nga makakayang maipaliwanag. Maghintay lamang kayo. Hindi nga ito lubos na iiral nang buong kalubusan sa panahon ngayon. Hintayin n'yo lang hanggang sa pairalin na ng Konseho ng Mga Iglesya ang pag-uusig, at magaganap na ito. Yan ang dahilan kung bakit bumalik ako sa piling n'yo, para manalangin sa mga maysakit. Ni minsan sa karanasan ko'y wala pa Siyang sinasabi sa akin na alam kong di pa naganap, liban sa isang 'yun na may kung anong gusali raw o tolda na sa dakong 'yun ay may munting gusali raw at ako nga'y pinapupunta roon at manalangin sa mga maysakit. Di pa 'yun nagaganap sa abot ng nalalaman ko. Yun pa lang ang bagay na hindi pa nagaganap sa pagkakaalam ko.

¹³⁹ At kapag salitain Niya ang mga Salitang 'yun, para sabihin 'yun, batid nga ng Makalangit na Ama na tinatayuan ko ito ngayong gabi at maaari nga Niya akong patayin sa mismong entabladong ito. Siyanga, po, kaya Niyang gawin 'yun; at alam ko 'yun, batid ko po 'yun. At alam ko rin na napakaraming mga kuwento-kuwento ngayon, na, di ko—di ko sagutin ang mga ito. Sa mga bagay lang na sinabi ko ako mananagot. Ako, ako nga'y mananagot lang sa mga bagay na sinabi ko. At 'yan ang Totoo. At batid ng Makalangit na Ama na totoo ito.

¹⁴⁰ Ngayon makasampalataya na ba kayo na si Jesus Cristo na Anak ng Diyos ay namatay para sa inyong mga pagkakasala, at nasugatan dahil sa inyong mga pagsalangsang, na sa Kanya ngang mga latay ay gumaling kayo? Sumasampalataya ba kayo rito? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Sa panahong ito, na tila ba lahat na lang ng bagay ay maitim, at madilim at mapanglaw, pero sa kabila nun si Jesus nga'y nananatili! Kayo ba'y sumasampalataya rito? ["Amen."] Narito Siya sa gabing ito!

¹⁴¹ Nais kong kung may sino man dito na tumayo siya't sabihin sa akin na may bagay ako sa Pangalan ng Panginoon na nasabi, na labas doon, sa kung ano lang ang nangyari. At maka-ilang daang beses n'yo nang nakita Siyang sinalita ito, di naman Ito nabigo! Ano itong gusto kong iparating sa inyo? Na ganap na imposible para sa tao na gawin 'yun. Ito nga'y si Jesus Cristo na nasa gitna ng mga tao. Ito nga'y si Cristo na nasa gitna natin.

¹⁴² Sa panahon ngayon, na sinasabi ng mga denominasyon na, "Pumunta kayo *rito*, at pumunta kayo *roon*," gasgas na ngang kalakaran 'yan ng kung anong paaralan o anuman; na ganap namang walang problema, kailangan din naman 'yun, bahagi rin naman 'yun ng kabuoang simponya.

¹⁴³ Pero, sa akin, Siya nga'y buhay na buhay ngayong gabi, sadyang napaka makapangyarihan at mabisa, na magagawang papangyarihing totoo ang bawat Salita, gaya ng ginawa Niya noon doon.

Manalangin tayo.

¹⁴⁴ Panginoong Jesus, Iyo ngang sinabi, "Ang kalangitan at ang lupa ay lilipas, ang Aking mga Salita ay hindi lilipas." Sa ganoon ngang paraan napagkilala ng mga alagad na Ikaw nga 'yang Kung Sino Ka, dahil Iyong kinilala ang mga kaisipang 'yun na naroon sa puso. Sinabi ng Biblia, sa Mga Hebreo 4, na, "Ang Salita ng Diyos ay mas matalas, mas mabisa kaysa sa tabak na may dalawang talim, na madaling Kumikilala sa mga pag-iisip at mga haka ng puso." Ang Salita ng Diyos na nasa mga propeta, ay ganun din ang ginawa. Sa lahat ng mga pantas na nagdaan, 'yun na 'yun din ang ginawa. Sa Panginoong Jesus Cristo, 'yun din ang ginawa Nito. Amang, Diyos, Iyo pong itulot na ang Iyong Salita'y mangusap, sa gabi pong ito, na ang mga maysakit ay makita nilang Ikaw nga'y may pagnanais na sila'y gumaling, at sila nga'y pinagaling na, Ama, at mapagkalooban din po sila ng pananampalataya upang sampalatayanan ito. Sa Pangalan ni Jesus. Amen.

¹⁴⁵ Ngayon habang ang piyanista at organista, kung maaari, marahan po, marahan na marahan, "Only Believe."

¹⁴⁶ At, Billy, nakalimutan kong itanong sa'yo, ano bang mga numero ang ipinamigay mo? [Sinasabi ni Kapatid na Billy, "A, bilang isang hanggang isang daan."—Pat.]

A, bilang isa hanggang isang daan. Sige po't umpisahan na nating tumayo.

¹⁴⁷ A, bilang isa hanggang lima, tumayo po kayo kung kaya n'yo. Kung di n'yo kaya, itaas na lamang n'yo ang kamay n'yo. Bilang isa hanggang bilang lima. Isa, dalawa, tatlo, apat, sa palagay ko'y lahat na kayo 'yan, sige po't lumapit na kayo rito. Isa, dalawa, tatlo, apat, lima, A. Habang lumalapit sila, bilang lima, anim, pito, walo, siyam, sampu, tumayo na po kayo kung kaya n'yo. Bilang anim, pito, walo, siyam, sampu, maaari po ba kayong tumayo. Prayer card, anim, pito, walo, siyam, sampu. Isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim, pito, walo, siyam, sampu. Sige po, bilang labing-isa, labing-dalawa, labing-tatlo, labing-apat, labing-lima. Pumunta na kayo rito, sige lang po. Sige. Sige lang, bilang labing-anim, labing-pito, labing-walo, labing-siyam, dalawampu.

¹⁴⁸ Ngayon, bumaba nga riyan ang anak ko, ang ilan sa kanila, namigay ng card, at binalasa 'yun nang maigi, di natin alam kung nasaan 'yung mga numero, o walang nakakuha. Nakita n'yong binalasa niya 'yun, kayo mismo, na binalasa 'yung mga card. Iniabot niya sa inyo 'yung card na gusto n'yo, at—at kayo nga'y tinatawag lang sa pamamagitan nung mga card.

149 Di n'yo naman talaga kailangan ng card. Manampalataya lamang kayo, saanman kayo naroon. Nakadalo na kayo sa mga pagtitipon, alam n'yo, alam n'yo na ang lahat ng tungkol dito. Sige po.

150 Saan na nga uli ako, huminto, bilang dalawampu ba? [May nagsasabi, "Bilang dalawampu."—Pat.] Bilang dalawampu, dalawampu't isa, dalawampu't dalawa, dalawampu't tatlo, dalawampu't apat, dalawampu't lima. Sige po.

151 Ilan dito ang may sakit at walang prayer card, patingin po ng mga kamay n'yo. Sige po. Sa ibang bahagi pa ng gusali, sige, manampalataya lamang kayo ngayon.

152 Ngayon ano itong nais nating iparating, ano nga ba itong ipinakikilala natin? Si Jesus Cristo. Ilan po ang nauunawaan na ito? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ilan po rito ang nakakaalam na nung mga araw ng Kanyang pagparito sa atin noon, sa lupa, na Siya nga'y ang Diyos na nahayag sa—sa isang katawan na tinawag na Jesus, na Diyos nga 'yun na nasa Tao? Siyanga. Hindi lang basta isang propeta; Siya nga'y Diyos! At Siya . . . Ang mga propeta nga'y may kanya-kanya silang bahagi dun sa Salita, may sari-sariling *bahagi* sila dun sa Salita, 'yung bahagi na ipinagkaloob sa kanila para sa kapanahunang 'yun. Pero Siya 'yung kapuspusan ng Salita! Ilan po ang nakakaalam nun? ["Amen."] Siya mismo ang Salitang Yun. Ngayon may inilaang bahagi sa Salita para sa panahon ngayon. Tama po ba? ["Amen."] Siya nga 'yung muli. Tama po ba? ["Amen."] Kaya 'yun ang patunay na Siya'y siya pa rin kahapon, ngayon!

153 Ilan na tayo riyan? [May nagsasabi, "Dalawampu't lima."—Pat.] Dalawampu't lima, sige 'yun na muna. Ngayon, kung hahaba pa tayo riyan, at kung gusto n'yo, kung may oras pa; may beinte minutos pa naman ako, o parang ganun. Puwede na nating . . . Ngayon tandaan n'yo po, sa mga tao po rito na may prayer card kayo, hawakan n'yo lang 'yang prayer card n'yo. Ipapanalangin natin ang bawat taong lalapit dito, na lalapit at may prayer card sila, kung mananatili po kayo rito kasama namin. Kung puwede nga lang na tuluy-tuloy ako rito, umaga't gabi, makadako lang sa lahat. Sa tulong ng Diyos, madadako ko naman ang lahat.

154 Ngayon kung maaari'y ituon n'yo lang sa akin ang buo n'yong atensyon! Ngayon ilan po sa mga narito ngayon, na nakaupo rito ngayon, ang nananampalataya na may sapat kang pananampalatayang taglay upang mahipo Siya? Napakainam po. Siyanga. Ngayon huwag nga nating hayaang mawalan ito ng saysay, mga kaibigan.

155 Ngayon may binibini nga *rito* na nakaupo sa isang silyang de gulong, at may isang lalaki rin *doon* na nakaupo sa silyang de gulong. Nakikita kong may sakit sila. Siguro nga'y, wala silang sakit, marahil, pero nagdadalamhati sila. Huwag kayong

mawalan ng pag-asa, kapatid na babae at kapatid na lalaki. Alam n'yo, kung kaya ko lang ba, kung kaya kong pagalingin kayo, alam n'yong gagawin ko nga 'yun, di po ba? Gagawin ko nga. Kung di ko 'yun gagawin, wala akong—wala akong rason para tumayo pa rito ngayon. Kung may kalupitan ako sa puso; na puwede ko namang ialis ka *riyan* sa silyang de gulong na 'yan, at pati ikaw *diyan* sa silyang de gulong na 'yan, at di ko 'yun gagawin, aba'y napakalupit na tao ko naman kung ganun.

¹⁵⁶ “Buweno,” sasabihin n'yo, “sa kaloob na 'yan ng Diyos, aba'y dapat mo ngang gawin 'yun, dapat lang.” Sandali lang po. Hindi po 'yun ganun, kung ganun 'yun ay di n'yo binabasa nang tama ang Kasulatan.

¹⁵⁷ Si Jesus nga'y dumaan noon sa isang dako na may libo-libong mga baldado, lumpo, bulag, pilay, at natuyuan, at di naman humipo ni isa roon. At dumiretso nga sa isang lalaki na marahil may sakit siya sa prostate, o parang ganun. Siya nga'y pinabagal nun, nung sakit na 'yun sa loob ng tatlumpu't limang taon. Nakakalakad naman. Kaya namang . . . tatlumpu't walong taon, sa palagay ko nga. Kita n'yo, may ilan nga sa inyo . . .

¹⁵⁸ Marahil, ano kaya kung ang maybahay ko 'yun na nakaupo *riyan*, o nanay ko, asawa ko, anak kong babae; kita n'yo, o kapatid kong lalaki, o tatay ko ang nakaupo *riyan*? Oh, kung may magagawa lang ako, tunay ngang ikalulugod kong gawin 'yun. Kita n'yo?

¹⁵⁹ Pero, alam n'yo, marahil may isa rito na nakaupo *rito* kasaka-sama natin, na mukhang malusog, pero mas malapit na pala sa kamatayan kaysa sa *kanila*; na may sakit na pala sa puso o may kanser, kita n'yo, mas malapit na pala sa kamatayan. Pero mahirap ba sa Diyos na pagalingin ang kanser, o 'yung pilay? Walang pagkakaiba 'yun. Ang hinihingi lang Niya ay, “Kung makasasampalataya ka rito.”

¹⁶⁰ Ngayon, kung sa ganang akin lang, para ipakita sa inyo na di maaaring ako ito, lalapit nga ako at gagawin ko agad 'yun. Kung ako nga ang nakakagawa nun, malamang magpapasikat ako nun, sa palagay ko. Sasabihin ko kasi, “Sige papupuntahin ko ang lalaking ito at babae rito sa itaas ng entablado, para ipakita sa inyo na ako'y dakilang lingkod nga ni Cristo.” May sasabihin akong ilang salita sa lalaki, “Tumayo ka na ngayon at lumakad ka!” Kita n'yo, kung ako lang ay gusto kong gawin 'yun. Lahat ng narito'y mapapahiyaw, at sasabihin, “Purihin ang Diyos! Grabeng kadakila't makapangyarihang lingkod ng Diyos, itong si Kapatid na Branham!” Kita n'yo? Hindi ganun, 'yun nga'y, mali po 'yun, kita n'yo.

Pero ngayon kaya ngang pagalingin ni Jesus silang dalawa, sa gabing ito.

¹⁶¹ Pero, kita n'yo, kapag ang tao nga'y medyo napipilay na, nagsisimula silang, sa loob-loob nila, (ayaw man nilang isipin

'yun), pero sa loob-loob nila, mapapaisip sila, “Hanggang dito na lang siguro ako, kita n’yo. Di ko na—di ko na kayang makapaglakad pa.” Huwag n’yong gawin ’yun. Huwag n’yong gawin ’yun. Kita n’yo, sampalatayanan n’yo ito. At kung kaya ko lang talaga, gagawin ko. . . Pero, ngayon, kung maiaalis n’yo lang ang lahat ng pag-aalinlangan sa puso n’yo, huwag n’yo ngang hayaang may kung anong bagay na papasok diyan na makakahadlang.

¹⁶² [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Hukot at nagdurusa, mula pa nung ipinanganak; tumuwid nga’t, nakapaglakad, normal na’t magaling. Kita n’yo? May mga pahayag mismo, ang mga doktor at Mayo Brothers. At nakita n’yo na ’yun marahil sa *Reader’s Digest*, nito-nito lang, si Donny Morton, *The Miracle of Donny Morton*. Yung munting batang ’yun sa California, sa Assemblies of God, dun sa paaralan, ng Southwestern Bible School, ’yung bata nga’y namimilipit nang husto at nagdurusa na kahit ang John Hopkins at ang Mayo Brothers sinasabi nila mismo, “Wala nang pag-asa ang batang ito sa mundo.” Pero ang Panginoon nga’y GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Iba nga, kita n’yo.

Huwag kayong humayo, na walang pag-asa.

¹⁶³ Ngayon, ngayon sa susunod na ilang minuto, tayo nga’y mananalangin na. May labindalawang minuto pa rito, marahil puwede na nating simulan ang pila para sa pananalangin. At ngayon kung sisimulan na natin, marahil, kung may kaunting oras pa tayo. . . Ipinangako kong mapapalabas ko na kayo ng alas nuebe y media. Bantayan n’yo po. Sige po. Tapos ’yung, mga hindi natin natapos ngayong gabi, itutuloy natin bukas ng gabi.

¹⁶⁴ Ngayon lahat po tayo’y mananalangin na. At lahat po kayo riyang ngayon, na, di nabigyan ng prayer card, o may prayer card, o anuman, kayo nga’y magsimula nang manalangin. Kita n’yo, ang pananampalataya n’yong ’yan ay gagawa gaya ng kung anong ginawa ni Jesus noon sa mga panahong nagdaan. Maaari mong hipuin ang Kanyang damit. Ngayon kung ang lahat ay maaari lamang na maging taimtim na ngayon, huwag po tayong palakad-lakad. Tumaimtim po lamang tayo, sa mga ilang sandaling ito.

¹⁶⁵ Halika rito, ginoo. Estranghero tayo sa isa’t isa, sa palagay ko. Kung kaya ko lang na tulungan ka, gagawin ko. Iyong, alam mo ’yan. Akin—akin ngang ikalulugod na gawin ’yun, pero di ko kaya. Sa totoo lang, nakatayo ka rito ngayon para sa ibang tao, na gusto mong maipanalangin. [Sinasabi ng lalaki, “Opo, ginoo.”—Pat.] Sumasampalataya ka bang pagagalingin siya ng Diyos? [“Opo, ginoo.”] Wala sila rito ngayon. [“Wala, ginoo.”] Malayo sila. [“Opo, ginoo.”] Kanser ang kundisyon. [“Opo, ginoo.”] Tama po ba? [“Opo, ginoo.”] Sumasampalataya ka bang gagaling sila? [“Opo, ginoo. Sumasampalataya ako.”]

Sige humayo ka na't, ipangyayari na ito, kung sasampalatayanan mo ito. Yun lang naman ang kinakailangan mong gawin. Hindi ba't kahanga-hanga ito? Pagpalain ka ng Diyos.

¹⁶⁶ Kumusta ka? Tayo man ay estranghero din sa isa't isa. Isa lang siyang lalaking lumapit dito. Hindi kita kilala, di pa kita nakikita kahit kailan. Pero, haya't naparito ka nga. . . *Itong*, itong mayamang Biblia na ito rito, hawak Nito ang pangako; na samakatwid, Ito ngang Salita ng Diyos. [Sinasabi nung lalaki, "Tama."—Pat.] At sinasabi ng Biblia, Rito, na, "Ang Salita ng Diyos ay kumikilala ng mga pag-iisip, mga mithi't, mga haka ng puso, at ng iba pa, kapwa itong sinasabi rito ng Salita na nasusulat, na pinatutunayan Nito na totoo, sa pamamagitan ng paunang pagsasabi na rito, at sa pagpapangyari Rito ng Diyos na maging totoo." ["Amen."] Gaya nga ng sinabi Niya noon, "Magkaroon ng liwanag, at nagkaroon ng liwanag." ["Tama."] Sinasabi ko lang ito, para kausapin ka, gaya nung pakikipag-usap ng Panginoo sa babae sa may balon, gaya nung nakita Niya si Simon, at ang iba pa.

¹⁶⁷ May iniinda ka. Kooopera lang sa iyo. Pumutok uli 'yun. [Sinasabi nung lalaki, "Tama."—Pat.] Naiintindihan mo naman siguro kung saang bahagi 'yung binabanggit ko, at kung bakit hindi ko 'yun puwedeng sabihin dito. ["Opo, ginoo. Tama."] At naiintindihan mo naman kung bakit. Tama ba? ["Tama."] Tama. Di ko 'yun puwedeng sabihin dito, pero alam mo 'yun. Naramdaman ko kanina na iniisip mo, "Ano kaya't sabihin niya kaya, o kaya'y," parang ganun. ["Tama."] Hindi po, hindi ko 'yun sasabihin, dahil di ko 'yun puwedeng sabihin dito. Pero magiging maayos na 'yan ngayon. ["Salamat sa Iyo, Jesus."] Humayo ka na't, sampalatayanan mo 'yan. Manampalataya ka sa Diyos.

¹⁶⁸ Kumusta ka, binibini? Sumasampalataya ka ba kay Jesus Cristo, na Anak ng Diyos? Sumasampalataya ka ba na ako'y lingkod Niya? [Sinasabi nung babae, "Naniniwala ako!"—Pat.] Ikinatutuwa ko 'yan. Kung may paraan lang ako para tulungan ka, gagawin ko. May nag-iisang paraan lang para matulungan kita, at 'yun ay sa pamamagitan ng makikita ko. Sa ganoon ko lang. . . Kung anong makita ko, 'yun ang sasabihin ko. Kung di ko makita, buweno, ibig sabihin di ko. . . wala akong masasabi, hayan nga, hanggang sa makita ko muna, dahil kinakailangang manggaling muna 'yun sa Kanya. Isa itong Makalangit. . . Isa nga itong Makalangit na kaloob ng Diyos, na nanggagaling sa Diyos.

¹⁶⁹ Ang problema mo'y 'yang nasa mata mo. May tumubo riyang sa mata mo. Di nga ito nakikita, pero nasa kaliwang mata mo ito. [Sinasabi nung babae, "Tama."—Pat.] Saka para malaman mo na ito ngayon, dahil marahil may nagsasabi sa inyo riyang na may iba pa. Nakikita ko na may iba pa siyang problema. May problema rin siya sa kaliwang dibdib niya, oo. ["Tama."] Tama, hindi po ba? ["Tama."] Ngayon alam mo na. Hayan nga, kung sa

bagay na 'yan ay napapaisip ka na, hayaan mong sabihin ko ito sa iyo. Hindi ka nga taga-rito. Taga-malayong lugar ka. Taga-Louisiana ka. ["Tama."] Humayo ka na't, manampalataya ka sa Diyos, at ika'y mapapagaling diyan. Amen. Manampalataya ka, nang buong puso mo. Manampalataya ka sa Diyos. Huwag ka ngang mag-alinlangan. Manampalataya ka lamang.

Kumusta ka? Mukhang nabibigatan ka.

¹⁷⁰ *Yang* lalaki riyan ay pinahihirapan din ng pagkabagabag, siyanga; 'yung medyo ubanin na ang buhok, na kulay abo ang amerikana't, nakaupo, nakatingin sa akin. May pagkabagabag ka, hindi po ba, ginoo? Lumisan na ito sa iyo ngayon. Wala na ito. Purihin ang Diyos!

Anong hinipo Niya? Hindi ako.

¹⁷¹ Maging 'yung lalaki, sa likuran niya, ay nagkaroon ng lakas ng loob dahil dito. Ayaw mo talagang paniwalaan noon na may TB ka't, mga komplikasyon. Tinatanggap mo ba si Jesus sa oras na ito bilang iyong Tagapagpagaling? Sige, maaari mo nang matanggap ang kagalingan mo. Amen. Sampalatayanan mo ito nang buong puso mo. Amen. Sa ganoong paraan lamang ito magagawa. Oh, grabeng kamangha-mangha talaga!

¹⁷² Lahat ba kayo'y sumasampalataya, lahat kayo? Yung mga kalalakihan dito ngayong gabi, 'yung mga nandito sa hanay ng mga kalalakihan!

¹⁷³ Yung lalaking nakaupo sa likod niya roon, pinagbubulayan niya ang tungkol dito. May arthritis ka. Sumasampalataya ka ba na pagagalingin 'yan ng Diyos? Siyanga ba? Kung ganun ay matatamo mo ito! Oh, grabe!

¹⁷⁴ Mga kababaihan, kayo naman. . . Tila puro kalalakihan ang nakakatamo nito, siyanga, nasa kanila ang pagkilos ngayong gabi. Kahanga-hanga! Salamat sa Diyos!

¹⁷⁵ Heto po ang isa pang lalaki, nakaupo rito, may kambal na hernia siya. Sumasampalataya ka ba na pagagalingin ng Diyos ang herniang 'yan? Amen. Matatamo mo na.

¹⁷⁶ Yung isa pang lalaki, 'yung nasa pangalawa sa likod niya, may hernia ka, rin. Sumasampalataya ka ba, ginoo? Matatamo mo, rin ito, kung sasampalataya ka lamang. Amen. Hallelujah!

¹⁷⁷ Sumasampalataya ba kayo sa Diyos? Manampalataya lang kayo. Huwag kayong mag-alinlangan. Walang malayo, sa Diyos. Naniniwala ba kayo roon? [Sinasiabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

¹⁷⁸ Heto ang isang lalaking nakaupo sa tumbok ko. Tinuturo ko siya ng daliri ko ngayon. Nakasuot siya ng salamin, ubanin na ang buhok. Isa siyang diyabetiko. Kung magagawa lang niya na manampalataya nang buong puso niya, pagagalingin siya ng Diyos. Nakaupo ang asawa niya sa tabi niya. Sige, ipatong mo ang kamay mo sa kanya, may problema siya sa colon. Ipatong

mo ang kamay mo sa kanya, at manampalataya ka nang buong puso mo, at kapwa kayo gagaling.

Sumasampalataya ba kayo? [Sinasiabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

¹⁷⁹ Ang problema mo'y pamumuo ng dugo. Diyan sa kaliwang braso mo. [Sinasiabi ng babae, "Tama."—Pat.] May kanser ka. ["Tama."] Naoperahan ka. ["Opo."] Binigyan ka nila ng ilang gamot. ["Opo."] Yung mga gamot na 'yun ang dahilan kung bakit nagkaroon ka ng pamumuo ng dugo riyon, na lumala na nang husto. Nananampalataya ka bang pagagalingin 'yan ng Diyos? ["Opo."] Kung gayon gaya ng sinasampalatayanan mo, ay gayon nga ang ipangyari sa iyo. Sa Pangalan ng Panginoong Jesus, siya nga'y gumaling na.

¹⁸⁰ Sa unang tingin ay malusog na binibini, malakas. Ikaw ba'y nananampalataya na si Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos, ay nabubuhay? [Sinasiabi ng babae, "Opo, nananampalataya po."—Pat.] Nananampalataya ka bang nandito Siya sa gabing ito? ["Opo, nananampalataya po."] Kung sasabihin ko sa iyo 'yung bagay na problema sa iyo, sasampalataya ka ba sa Kanya nang buong puso mo? ["Opo."] Nakatakda ka nang maoperahan. ["Opo."] Pambabaing sakit nga. ["Opo."] Sakit na pambabae. ["Opo."] Kailangan mong maoperahan. ["Opo."] May kasama ka ngayon, na kinakailangan ding maoperahan, oo, mas bata sa iyo. ["Opo."] Tama. ["Opo."] Siyangang tama 'yun. Tapos, may tao ka na ipinapanalangin mo, ang asawa mo. ["Opo."] Di pa siya ligtas. ["Oh, tama!"] At wala siya rito. Sumasampalataya ka nang buong puso mo, na haya't maliligtas siya, at di ka na ooperahan pa. ["Oh!"] Humayo ka na't manampalataya, nang buong puso mo ngayon. Amen. Amen.

Manampalataya kayo sa Diyos!

¹⁸¹ Nakikita ko kung paano ka lumakad. Ang Diyos lang ang may kayang magpagaling ng kanser. Pero alam ng Diyos kung paano 'yun isagawa. Sumasampalataya ka bang gagawin Niya 'yun para sa iyo? [Sinasiabi nung babae, "Opo. Opo."—Pat.] Kung ganun ay ipinapatong ko ang mga kamay ko sa iyo, kapatid kong babae, sa Pangalan ni Jesus Cristo, para sa iyong paggaling. Amen. Humayo ka na, huwag kang mag-alinlangan, manampalataya ka nang buong puso mo.

¹⁸² Halika rito, kapatid na babae. Sakit na hika, sakit na pambabae. Sumasampalataya ka bang pagagalingin ka ng Diyos? [Sinasiabi nung babae, "Opo."—Pat.] Sa Pangalan ni Jesus Cristo, humayo ka na't magaling ka na, sa ikaluluwalhati ng Diyos. Amen. Sige.

¹⁸³ Diyabetiko. Sumasampalataya ka ba na pagagalingin 'yan ng Diyos, gagamutin ka't magiging ayos na...at gagaling ka? [Sinasiabi nung babae, "Opo. Nananampalataya ako."—Pat.] Sa Pangalan ni Jesus Cristo, humayo ka na't pinagaling ka na.

Ngayon kung sumasampalataya ka sa Diyos, sa pagpapatong ng mga kamay gaya nito, mangyayari nga ito.

¹⁸⁴ Siyanga, ginoo, sakit sa likod at problema sa tiyan. Sumasampalataya ka bang pagagalingin ka ng Diyos? [Sinabi nung lalaki, “Opo, ginoo.”—Pat.] Kung gayon ay humayo ka, sa Pangalan ni Jesus Cristo, at magaling ka na, sa ikaluluwalhati ng Diyos.

Lahat ba’y sumasampalataya? [Sinabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

¹⁸⁵ Kumusta ka, ginoo? Hayan nga’t, nakikita mong may problema ka sa glandula, at dahil dun ay nagkaproblema ka sa puso. Sumasampalataya ka bang pagagalingin ng Diyos ang puso mo’t gagaling ka na? [Sinabi nung lalaki, “Amen.”—Pat.] Humayo ka, sa Pangalan ni Jesus Cristo, at gumaling na.

¹⁸⁶ May gusto akong ipakita sa inyo. Huhubarin ko lang itong relo ko rito, huhubarin ko. Sumasampalataya ka bang kaya ng Diyos na pagalingin ’yang problema mo sa бага, at pagalingin ka na nang tuluyan? [Sinabi nung babae, “Opo.”—Pat.] Tama, kaya nga Niya. Nakita mo ’yung nangyari? Sige, pagpalain ka ng Diyos, humayo ka na’t magaling ka na, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

¹⁸⁷ Ngayon akin na ang kamay mo. Gusto kong tingnan mo ang kamay ko, pangkaraniwan lang gaya ng kamay ng kahit sino. Di po ba? Ilalagay ko ang kamay ko rito, ngayon may nagbago, umumbok, may mga maliliit na umbok sa paligid nito. May ulcer ka sa tiyan. Sumasampalataya ka bang pagagalingin ’yan ng Diyos? Tinatanggap mo na ba ang kagalingan mo ngayon? [Sinabi nung lalaki, “Opo.”—Pat.]

¹⁸⁸ Panginoong Diyos, sa Pangalan ni Jesus Cristo, pagalingin Mo ang lalaking ito. Mula sa mga sandaling ito, Panginoon, Iyo pong alisin na ito sa kanya, nang sa gayon makita niya at malaman na ito’y katotohanan. Aking... Nasusulat dito sa Biblia. “Sa Aking Pangalan ay magpapalabas sila ng mga demonyo; silang mga magsisisampalataya.” Panginoon, ako nga’y sumasampalataya. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, palayasin mo ang demonyong ito mula sa kapatid kong ito. Amen.

¹⁸⁹ Patingin nga uli ng kamay mo. Ngayon hindi ba’t di na siya katulad nung kanina, diba? [Sinabi nung lalaki, “Hindi na, hindi na nga.”—Pat.] Magaling ka na. Humayo ka’t, magaling ka na!

¹⁹⁰ Sakit na hika. Nananampalataya ka bang pagagalingin ’yan ng Diyos? [Sinabi nung lalaki, “Opo.”—Pat.] Humayo ka na’t huminga na nang maayos, sa Pangalan ni Jesus Cristo, at ika’y pinagaling na. Amen. Manampalataya ka lamang.

¹⁹¹ Ang Diyos ay nagpapagaling ng sakit sa likod, at nagpapagaling ng tao. Sinasampalatayan mo ba ’yan?

[Sinasabi nung lalaki, “Amen.”—Pat.] Sige, humayo ka na sa daan mo, at sabihin mo, “Salamat sa Iyo, Panginoong Jesus. At ako’y pinagaling na!” [“Hallelujah!”] Huwag na huwag kayong mag-alinlangan; diyan sa buong puso n’yo. Amen.

¹⁹² Ako kaya kung sabihin ko sa iyo na pinagaling ka na riyang sa mismong kinauupuan mo, masasampalatayan mo kaya? [Sinasabi nung lalaki, “Opo.”—Pat.] Sige, humayo ka na sa daan mo, nang may kagalakan, sabihin mo, “Salamat sa Iyo, Panginoong Jesus,” at matatamo mo ang hinihiling mo. Sige.

¹⁹³ Halika rito, ginoo. Sumasampalataya ka ba? [Sinasabi nung lalaki, “Opo, sumasampalataya po.”—Pat.] May gusto akong ipakita sa iyo rito, lilitaw nga ito sa mga kamay mo. Sabihin mo. . . Bumaling ka rito sa kamay ko rito, wala ngang kakaiba. Nakikita mo diba? [“Walang kakaiba.”] Ngayon nagbabago na, umuumbok na, may maliliit na puti-puti riyang gumagalaw. [“Opo.”] Gusto mo bang makakain na ng hapunan, at gumanda na ’yang pakiramdam mo? [“Opo.”] Sumasampalataya ka bang magagawa mo? [“Opo.”] Sumasampalataya ka bang itong mga bagay na nakikita mo ngayon ay nanggagaling sa Diyos? [“Opo, paniwalang-paniwala po.”] Ngayon tingnan mo uli ang kamay mo. . . tapos itong kamay ko uli, wala na ’yun ngayon. Kaya naman, kumain ka na. Napangyari na ito ng pananampalataya mo, kapatid.

¹⁹⁴ Sabihin nga natin, “Purihin ang Diyos,” lahat po tayo. [Sinasabi ng kongregasyon, “Purihin ang Diyos!”—Pat.] Siya nga’y nananatili kahapon, ngayon! Sumasampalataya ba kayo na kapag papatungan natin ng mga kamay ang mga maysakit, sila’y gagaling? [“Amen.”] Siyanga namang, naniniwala kayo!

¹⁹⁵ Sumasampalataya ka ba dun, kapatid na babae? [Sinasabi nung babae, “Opo, ginoo.”—Pat.] Sa Pangalan ni Jesus Cristo, humayo ka’t gumaling na at maging maayos na, para sa—para sa ikaluluwalhati ng Diyos. Amen.

¹⁹⁶ Oh Panginoong Diyos, Maylikha ng Kalangitan at lupa, sa lahat ng mga napangyari sa gusaling ito ngayong gabi, batid naming nandito Ka nga ngayon. Nawa’y ang Kapangyarihan ng Diyos ay pagalingin ang kapatid kong ito, sa ikaluluwalhati Mo. Amen.

¹⁹⁷ Halika na rito, manampalataya ka. Sumasampalataya ka ba nang buong puso mo? [Sinasabi nung babae, “Opo.”—Pat.] Di ka na nga uli magiging pilay pa kung gayon. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, nawa’y humayo na siya’t gumaling na, para sa ikaluluwalhati ng Diyos. Amen. Humayo ka na, huwag ka nang mag-alinlangan pa, manampalataya ka nang buong puso mo.

¹⁹⁸ Puso’t maging ang tiyan; naapektuhan nung tiyan ’yung puso. Panginoong Jesus, Iyong pagalingin ang kapatid kong ito. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, ako’y dumadalangin. Amen.

199 Noong araw ay ganun ang lagi naming ginagawa, matagal na matagal na, nananalangin, alam n'yo.

200 Ngayon wala ka namang dapat ipangamba, di po ba? Di po ba? Wala kang dapat ipangamba. Pero nangangamba ka nga, hayan nga. Siyanga. Lahat sila riyon, halos lahat nga sila riyon, sila man ay may kaparehas mo ring kalagayan. Sila nga. Sige ipapakita ko sa iyo.

201 Ilan po ang nangangamba ngayon diyan? Itaas n'yo po ang inyong kamay. Itaas n'yo po ang inyong kamay.

202 Matatawag mo bang marami 'yun? Kita mo, hindi nga. Pero hayaan mong ipakita ko sa iyo na Tagapagpagaling nga ang Diyos, dahil nalalaman kong gagaling ka nga. Kita mo? Kung tutuusin, tapos na nga ito, sa mismong sandaling ito. Siyanga. Amen. Yung aninong 'yun ay lumisan na sa kanya, hayun na. Humayo ka na, nang may kagalakan, at sabihin mo, "Purihin ang Panginoon!" Amen.

203 Gusto mo bang makahinga ka uli, nang maayos? At, oo nga, talaga namang napakainam nun? Sumasampalataya ka ba na magagawa nga Niya? [Sinasabi nung babae, "Oh!"—Pat.] Kung gayon ay humayo ka na sa iyong daan, at humayo ka na. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, nawa'y ito'y mangyari na. Amen.

204 Ngayon alam mo nga na nangangailangan ka talaga ng tulong, o kung di ay mamamatay ka. Papatayin ka nun kung di ka makakakuha ng tulong. Narito ang Diyos para tulungan ka. Sumasampalataya ka ba dun? Sige't ipapakita ko sa iyo kung gaanong kasama ang bagay na 'yan. Akin na rito ang kamay mo. Alam mo na ito, na kanser ito. Alam mo bang may kanser ka? [Sinasabi nung lalaki, "Opo."—Pat.] Magagawa mo bang manampalataya nang buong puso mo, kasama ko?

Mamamatay nga ang taong ito kung di siya pagagalingin ng Diyos. Kanser nga ito.

205 Oh Diyos, sinasabi ng Salita na, "Sa Aking Pangalan ay magpapalabas sila ng mga demonyo." At kung Iyong ginawa ito sa iba, Panginoong Jesus, gawin Mo rin ito sa lalaking ito rito. Iyong itulot ang Kapangyarihan ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat na lumukob sa kanya, at iligtas ang kanyang buhay, sa ikaluluwalhati ng Diyos. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

206 Humayo ka na't kalimutan mo na 'yan, sabihin mo lamang, "Salamat sa Iyo, Panginoon," at humayo ka na't pinagaling ka na sa ikaluluwalhati ng Diyos.

207 Ngayon kinakailangan ka ngang maoperahan, ganoon nga, diyan sa tumor na 'yan. Pero ang Diyos nga, kung nagawang alisin ang tumor sa asawa ko, magagawa ring alisin 'yan sa iyo. Sumasampalataya ka ba? Sinasampalatayanan mo bang totoo 'yung kuwentong 'yun, na ikinuwento ko kanina? Heto nga ang kamay ko na nakapatong dito sa may Biblia, na totoo nga 'yun.

Ngayon alam mo ngang nandito ang Espiritu Santo. Hindi kita kilala, di pa kita nakikita kahit kailan. At kung masasabi ko sa iyo ang problema sa iyo, patunay lang 'yan na may kung anong Bagay na nagsasabi nun sa akin. Buweno, ang siya ring Bagay na 'yun ang nag-alis ng tumor na 'yun sa asawa ko, kita mo. Ngayon sumasampalataya ka ba, na basta ipapanalangin lang kita at papatungan kita ng kamay, ay mawawala ang tumor na 'yan sa iyo? Sasampalatayanan mo ba ito nang buong puso mo? Sige, halika rito.

Lahat po kayo'y sumampalatayang kasama ko.

²⁰⁸ Panginoong Jesus, itulot Mo na ang Iyong biyaya at habag ay lumukob sa babaing ito. Habang ipinapatong ko ang mga kamay ko sa kanya, at sa liwanag ng Salita ng Diyos, nawa'y ang tumor na ito'y supilin na, at ang babae nawa'y mamuhay na sa ikaluluwalhati ng Diyos, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

²⁰⁹ Pagpalain ka ng Diyos. Humayo ka na't, manampalataya, sabihin mo, "Salamat sa Iyo, Panginoon," at mawawala na 'yan nang tuluyan.

²¹⁰ Ngayon ilan pa . . . Lumampas na tayo ng tatlong minuto. Tapos na ako, lumampas lang ng tatlong minuto. Paririto ako uli bukas ng gabi nang ganito ring oras, Carl.

²¹¹ Ilan po rito ang nagmamahal talaga sa Panginoon ngayon? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ilan po rito ang nananampalatayang pinagaling na ang mga taong ito rito? ["Amen!"] Bukas ng gabi sisikapin kong baguhin naman 'yun, at ipakita sa inyong lahat kung papaano 'yun umiiral at kung papaano 'yun kumikilos, kung loobin ng Panginoon. At ngayon nga'y pagpalain ang bawat isa sa inyo ng Panginoon.

²¹² Mayroon po ba ritong kumbinsido sa sarili nila na sila'y makasalanan, at nagnanais na maglingkod kay Jesus Cristo bilang kanilang tulong, tanggapin si Jesus bilang kanilang Tagapagligtas? Maaari po ba kayong tumayo rito ngayon at tayo po'y dumulog ng pananalangin kasama n'yo? Ikinalulugod naming gawin 'yun. Ang paanyaya po rito'y bukas sa lahat, at ginagawa natin itong mga gawaing ito para sa pagpapagaling, Makalangit na pagpapagaling, pero hindi puro pagpapagaling. Nananalangin tayo para sa mga lipos ng karamdaman, at tayo rin . . . Sa mga taong lipos-ng-kasalanan, 'yun nga ang unang-una. Nais naming lumapit lang kayo. At lumapit lang po kayo pansumandali, tumayo po rito kasama namin sa pananalangin. Ikinalulugod naming manalangin kasama n'yo, gawin ang lahat ng magagawa namin matulungan lang kayo. Magagawa n'yo po ba? May makasalanan po ba rito sa gusaling ito, na nagnanais tumayo sa gabing ito, sabihin, "Ako'y lalapit at tatanggapin ko si Jesus Cristo bilang personal kong Tagapagligtas. Nais kong maligtas, ngayong gabi"?

213 Pagpalain ka ng Diyos. Heto po ang isang lalaki. Pagpalain ka ng Diyos. Mayroon pa po ba? Mayroon pa kayang iba pa? Ganyan nga't gusto kong makitang lumalapit ang mga tao. Lumapit lang po kayo, bukas na bukas ito sa lahat, at sabihin n'yo, "Nagkamali ako. Nais kong maitama."

214 At mga kapatid kong lalaki, kapatid kong babae, sa harap ng lima o anim na daang tao rito, o ilan man na narito ngayon (di ko po alam), pero ito ngang mga taong nagsitayo rito'y alam nilang totoo nga 'yun. Ni kailanman ay di ako pinahintulutan ng Diyos na magsalita ng taliwas dun sa propesiyang 'yun. Ilan po kaya rito ang magsasabing, "Tama 'yun"? Itaas n'yo nga ang inyong mga kamay bilang saksi? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kita n'yo, laging tama.

215 Kanyang ililigtas kayo kung lalapit lamang kayo na kahit may simpleng pananampalataya, at sampalatayanan ito. Talos nga Niya ang lihim ng puso. Ano kayang dahilan at tinatawag ko kayo rito sa mga oras na ito, na para bang humuhugong ang gusaling ito sa akin? Ang dahilan nga'y may kung anong Bagay na nagsasabing, "Magtawag ka." Paano kong alam na di lang 'yung isang tao rito ang may huling pagkakataon? Maaaring marami pa rito ngayon. Kung mayroon pa, maaari po bang lumapit na kayo habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo?

Lumapit ka lang, ginoo. Pagpalain ka ng Diyos. Mainam 'yan.

Panginoon, pagalingin mo siya, paigihin siya, at gawin ito—ito para sa kanya.

216 Lumapit ka lang, mayroon pa po ba? Tatlo. "Sa bibig ng tatlong saksi, ay pagtitibayin nga ito."

217 Ngayon, mga kapatid, sa pagkakatayo n'yo riyang ginagawa n'yo nga ang pinaka matapang na dapat gawin. Ang mga taong lipos ng karamdaman, gagawin nga nila ang lahat gumaling lang sila. Pero kung ang tao'y mapagtatanto niya sa siya'y lipos ng kasalanan, 'yun nga ang pinaka matinding karamdaman.

218 Ang mga taong ito na lumapit ngayong gabi, alam ko na may ilan pang mga kanser ang lumisan habang nakatayo tayo rito. Yun nga ang totoo. Nakita ko ang mga aninong lumilisan. At hindi po ako isang panatiko. Alam ko lang na totoo ito. Maraming tao ang napagaling. Subalit marahil siguro, bukas-makalawa, kung mabubuhay pa sila nang matagal, sila nga'y magkakasakit uli; maaaring tamaan sila ng pulmonya. May bagay kasing kailangang kumuha sa kanila sa buhay na ito; kamatayan nga ang gagawa nun.

219 Ngayon, pero itong ginagawa n'yo ngayon, tinatanggap n'yo ang Buhay na Walang Hanggan. Masdan n'yo 'yung sinabi ni Jesus, "Siya na dumirinig ng Aking mga Salita." Ang ibig sabihin ng *dumirinig* ay "umuunawa." Kita n'yo? "Siya na dumirinig ng Aking mga Salita, at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa

Akin, ay may Buhay na walang hanggan; at di na mapapasok sa paghatol, kundi lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan.” Ang ginagawa n’yo nga’y ang pinaka magiting na magagawa n’yo kahit kailan.

²²⁰ Hinihiling ko sa kongregasyon na tumayo po, bilang pag-alaala rito, habang nananalangin tayo. Kung may mga ministro po rito na nagnanais na lumapit dito at patungan ng kamay ang mga kalalakihan dito, kasama ko; at—at akin ngang ikalulugod na gawin n’yo ‘yun, kung gagawin n’yo. Lumapit lang po kayo at patungan sila ng inyong mga kamay. Lahat po’y tumaimtim na ngayon.

²²¹ Makalangit na Ama, sa Iyong Banal na Presensya; hindi, sa ilalim ng emosyon, bagkus sa ilalim ng pangunguna ng Espiritu Santo, sa oras na ito ng Makalangit na pagpapagaling. Nung masaksihan nila si Jesus na ginagawa ang siya ring mga bagay na ito, dalawang libong taon na ang nakararaan ngayon, at nasasaksihan nilang ginagawa Niya uli ang gayundin ngayon, na maraming mga gawa tulad nung una. Sabi dun, “Marami ang sumampalataya sa Kanya, dahil sa Kanyang mga gawa.” Marami ang sumampalataya sa Kanya ngayong gabi, dahil sa Kanyang mga gawa.

²²² Hetong nakatayo rito ang tatlong mahahalagang kaluluwa, tatlong lalaki. Tila ba, Panginoon, kadalasan ay kababaihan. Pero sa gabing ito ay pawang kalalakihan, mula kanina pa. At dumadalangin kami, Makalangit na Ama, na Iyong tanggapin ang kanilang—kanilang pagpapahayag, habang inihahayag nila na sila’y lubhang nagkamali, at naghahangad sila ngayon na magkaroon ng Buhay, at taglayin Iyon nang may kasaganahan, sa pamamagitan ni Jesus Cristo. Iyong Alisin ang bawat maitim na mantsa ng kasalanan. Iyong dinggin ako, Panginoon, habang ako’y nananalangin. Itinatagubilin ko sila sa Iyong mga kamay. At sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Iyong Salita, na ang sabi dun, “Ang lumalapit sa Akin, sa anumang paraan ay hindi Ko itataboy,” kaya ang ibig sabihi’y tatanggapin Mo nga sila, Panginoon, sapagkat sila’y lumapit, at sinasabi ng Iyong Salita na di Mo sila itataboy. At sila nga’y lumapit, nananampalataya na Iyo po silang patatawarin. At, magmula sa gabing ito, kanila Ka pong paglilingkuran sa nalalabing panahon ng buhay nila, inihihawalay ang mga sarili sa kasalanan.

²²³ Idinadalangin ko, Makalangit na Ama, na Iyong ibubuhos ang Banal na Espiritu sa kanila, na Iyo ngang pupunuin sila ng Iyong Makalangit na Kapangyarihan; na di lang sila basta mga Cristiano, bagkus ay mga instrumento ng—ng paglilingkod, na pinuno sa hustong sukat, ng Espiritu Santo, na sila nga’y makatulong sa paghahatid ng Mensahe sa iba pa.

²²⁴ Panginoong Jesus, itinatagubilin ko sila sa Iyo ngayon, sa Iyong Salita, na nangakong sila’y “patatawarin.” “Akin siyang

ibabangon sa huling araw,” ’yan ang sabi Mo. At batid kong ang Iyong mga Salita ay totoo, amin ngang ipinangungusap ang mga Ito kanina. Hindi Ito nabibigo. At ang Salita’y dumating sa mga lalaking ito, at sila nga’y nagsilapit na ngayon upang sundin ang Salita. At batid ko nga, na sa puntong ito rito, ng pagpapatawad, na gagawin Mo ito, dahil ang Iyong mga Salita ay di nabibigo. Sa Pangalan ni Jesus.

Habang nakayuko ang mga ulo natin ngayon.

225 Sa inyo, mga kapatid na nakatayo rito ngayong gabi, inyo ngang ginawa ang natatanging bagay na dapat gawin. Kapag kumbinsido ka kasi na ika’y mali, ibig sabihin kinukondena ka dahil sa kasalanan, sa mga bagay na nagawa mong mali. May isang paraan lang para mapatawad, at ’yun ay sa pamamagitan ng Krus. At kayo nga’y nagsilapit dito ngayong gabi, sa harap ng lahat ng mga taong narito, upang tanggapin Siya bilang inyong Tagapagligtas, na kayo nga’y kumbinsido na nagkamali kayo, nakondena; kumbinsido na Siya ang tama, nakondena na mali kayo. At Siya nga’y namatay para sa mga makasalanan. Yun ang dahilan ng pagparito Niya, dito sa lupa, ang mamatay para sa mga makasalanan; isang bagay lang ang hinihingi sa inyo, ’yun ay ang tanggaping walang bayad ang pagkamatay Niya para, sa inyo. Maaari n’yo bang gawin ’yun, maaari n’yo bang tanggapin Siya bilang Tagapagligtas n’yo? Ilagay n’yo na sa inyong likuran ang mga pagkakasala n’yo, at tanggapin n’yo na Siya bilang inyong personal na Tagapagligtas sa mismong sandaling ito. Kung tinatanggap n’yo, itaas n’yo po ang inyong kanang kamay sa Kanya, “Tatanggapin ko.” Pagpalain kayo ng Diyos.

226 Ibig sabihin nga n’yan ay tapos na! Kung naniniwala kayo na ako’y lingkod ng Diyos, heto nga’t sinasabi ’yun sa Kanyang Salita, “Ang inyong mga kasalanan ay nasa inyo nang likuran, wala na ang mga ito. Nasa Dagat na ng Pagkalimot ang mga ito, hindi na Niya ito aalalahanin pa. Kayo’y mga bago nang nilalang sa Kanya, sa gabing ito.” Ngayon naman . . .

227 Lalapit nga ang mga kapatid na lalaki rito at papatungan kayo ng mga kamay. At sa mga ministro na nakatayo rito sa malapit, lumapit lang po kayo, patungan n’yo sila ng kamay, din, at pagpalain natin sila, nang sa gayon matanggap nila ang Espiritu Santo. Lumapit lang po kayo.

228 Makalangit na Ama, puspusin Mo ang mainam na kapatid na ito ng . . . ? . . . Puspusin siya, ang kapatid kong lalaki rito, ng bautismo ng Banal na Espiritu. Puspusin Mo siya, ang kapatid kong ito, Panginoon, ngayong gabi, ng Banal na Espiritu. Iyo pong ipagkaloob ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo, habang itinatangubilin ko sila sa Iyo, bilang Iyong mga lingkod. Amen.


229 Ngayon maaari n’yo nang itaas ang inyong mga ulo. Ang mga lalaking ito rito’y kanilang tinanggap na si Cristo bilang kanilang Tagapagligtas; ang mga kasalanan ng nakaraan ay

napatawad na. Yan nga ang Salita ng Diyos. Ilan po rito ang nalalamang 'yan nga ang totoo? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

²³⁰ Ngayon hinihiling ko sa inyo na humarap na kayo sa mga tao, mga kaibigan. Haya't sinabi nga Niyang, "Kung ikahihiya ninyo Ako sa harap ng mga tao, ay ikahihiya Ko kayo sa harap ng Ama. Ang kumikilala sa Akin sa harap ng mga tao, ay kikilalanin Ko naman sa harap ng Aking Ama at ng banal na mga Anghel." Itaas n'yo ang inyong mga kamay, para ipakita na inihahayag n'yo si Jesus Cristo bilang inyong Tagapagligtas, na tinatanggap n'yo na Siya bilang inyong Tagapagligtas na ngayon. Sige lang kapatid na narito itaas mo, ikaw na lumapit dito sa altar kanina, itaas mo ang iyong kamay, para makita ng mga tao. "Ang kumikilala sa Akin sa harap ng mga tao, ay kikilalanin Ko rin naman sa harap ng Aking Ama at ng banal na mga Anghel."

Ngayon habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo, para sa pagtatapos.

²³¹ Nais kong ang bawat isa sa inyo, kung magagawa n'yo, lumapit lang kayo rito at makipagkamay sa mga kapatiran. At anyayahan n'yo sila sa inyong mga simbahan, may ilan sa inyo na mga pastor, alalayan n'yo po sila, mula rito, para tanggapin ang bautismo ng Banal na Espiritu.

²³² Pagpalain kayo ng Diyos. Pagalingin nawa kayo ng Diyos. Pagkalooban nawa kayo ng Diyos ng biyaya, kasaganahan, 'yan ang taos-puso kong dinadalangin. Atin na pong iyuko ang ating mga ulo pansumandali, sa palagay ko, heto na si Kapatid na lalaking Rose para sa pagtatapos na pananalangin. Sige po, Kapatid na lalaking Rose. 

ANG KANYANG DI-NABIBIGONG MGA SALITA NG PANGAKO TAG64-0120
(His Unfailing Words Of Promise)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Lunes ng gabi, Enero 20, 1964 sa Ramada Inn sa Phoenix, Arizona, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2017 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org